

Commercialized Phallus: Isang Somatikong Pagtingin sa mga Phallikong Simbolismo ng Kordilyera¹

AXLE CHRISTIEN J. TUGANO

Baliwag Polytechnic College

The Cordillera Review: Journal of Philippine Culture and Society 16 (1): 81–152.

<https://doi.org/10.64743/SLGC3072>

ABSTRACT

The central objective of this research is to examine the material culture of the Cordillera region which relate to phallic symbolisms. This paper seeks to contribute to somatic analysis, as studies on the Filipino body, particularly on nude bodies related to the genitalia, have seldom received adequate scholarly attention. Grounded on empirical and theoretical investigations into the representation of the body and/or corporeality in the Cordillera, this study offers potential explanations on how Cordilleran phallic material culture may be interpreted beyond imposed colonial meanings and habitual interpretations that fall outside proper cultural context. The study employs a descriptive method, drawing from heuristic approaches and interwoven sources such as the reconstruction of phallus-related knowledge in Cordilleran linguistics, ethnography, and archaeology, which are collectively framed within the spirit of folk narrative. Utilizing the proposed concept of the “commercialized phallus,” the study relates the symbolism of the penis to indigenous knowledge systems anchored on the mutually reinforcing realms of folk narrative and history which serve as the foundational framework of the analysis.

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang pagsuri sa mga phallikong materyal na kultura ng rehiyong Kordilyera upang makapag-ambag sa somatikong pag-aaral at diskurso ng katawang Pilipino. Hindi karaniwang tinatalakay sa mga akademikong artikulo ang mga usapin sa *phallic symbolism*, paghuhubad, kahubaran, genitalia, at komodipikasyon sa Kordilyera kung kaya’t nais tugunan ng papel ang kakulangang ito. Susubukan nitong maghain ng panibagong pananaw base sa mga empirikal at teoretikal na pagsusuri sa representasyon

ng katawan at/o korporealidad ng Kordilyera sa iba't ibang larangan. Gamit ng pag-aaral ang deskriptibong pamamaraan hango sa heuristiko at sala-salabat na mapagkukunang-yaman tulad ng mga kaalamang kaugnay ng phallus sa lingguwistika, etnograpiya, at arkeolohiyang Kordilyera. Gamit ang panukalang ideya ng *commercialized phallus*, iniugnay ng pag-aaral ang simbolismo ng phallus at kaalamang katutubo na nakaangkla sa magkatuwang na salaysaying bayan at kasaysayan bilang saligang balangkas ng pagsusuri. Bagama't hindi makapaghahain ng tiyak na salaysay hinggil sa pinagmulan ng mga phallikong materyal, magbibigay ang pag-aaral ng ilang mungkahi kung papaano basahin ang phallikong materyal na kultura ng Kordilyera labas sa ipinunlang pagpapakahulugang kolonyal at mga nakasanayang paniniwalang taliwas sa kultural na konteksto ng rehiyon.

Keywords: phallus, phallic symbolism, Cordillera, Filipino body

Mga susing salita: phallus, phallikong simbolismo, Kordilyera, katawang Pilipino

Panimula: Tungo sa Somatiko at Kahubarang Kordilyera

Kailangang palawigin ang lipunang Pilipino bilang isang halimbawa ng tinukoy ni Bryan Turner (1992) na *somatic society* o isang uri ng lipunang nag-aaral sa katawang tao o katawan ng tao bilang lunsaran ng politikal at kultural na pagsipat. Lagpas sa abstrak na pagpapakahulugan, ipinanukala ni Turner (1992) ang katawan bilang sangkap at/o elementong dumaraan sa panlipunang pagsusuri. Ipinanukala naman ng antropologong si Prospero Covar (1993) ang eskema ng pagkataong Pilipino na maihahalintulad sa isang banga na may *labas*, *loob*, at *lalim*. Itinampok din niya ang pagtalakay sa halaga ng ilang bahagi ng katawan katulad ng puso, dibdib, sikhura, bituka, atay, at tiyan. Pinagyaman ni Vicente Villan (2013) ang teoretisasyon ng bangang ito sa pamamagitan ng paglalagay ng karagdagan taksonomiya na ang banga ay mayroon ding *lawak*, *laman*, *bisa*, at *kabuluhan* sa katawan at pagkataong Pilipino (Villan 2013). Tampok din ang ilang puna ni Ramon Guillermo (2009) hinggil sa konseptong banga ni Covar. Ayon kay Guillermo, limitado at kagyat na kailangang pag-isipan pa ang dalumat ng banga upang hindi lamang nakasentro sa ilang bahagi ng katawan ang dapat maisilid sa pagkataong Pilipino. Tanong ni Guillermo, bakit hindi naisama halimbawa ang “ari” ng mga lalaki at babae samantalang maraming mga bugtong at iba pang salaysaying bayan ang natipon tungkol sa mga ito (Guillermo 2009).

Sa mga nagdaang dekada ng teoretisasyon ng katawang Pilipino, pinagtuonan ng pansin ang representasyon ng katawan sa anyong sartoryal (Coo 2014, 2019) o pagsasaplot (Villan 2024) bilang bahagi ng kaayusang panlipunan na kadalasang nasalamin sa panahong kolonyal. Ang kaayusang ito hinggil sa katawan ay malaong ibinunga ng ilang pag-aaral na tumuon sa representasyong potograpiko, obra, at iba pang “pagpapaunlad” sa katawan (Vergara 1995; Reyes, 2004, 2008; Elumbre 2010; Tatel 2011; Balce 2017; Planta 2018; Jose 2021).

Kung magiging espesipiko ang talakayan sa Kordilyera, pinaksa na rin ang kahulugan at representasyon ng katawan, partikular ng mga Igorot, sa anyo ng pagsusuri sa mga *post card* (Torres 2006, 2014); potograpiya (Fernandez 2015, 2023); mga pinagkakitaang katawan sa anyo ng mga palabas (Tacata-Tardibone 2022); *music videos* (de Castro at Sanculi 2017); materyal na kultura (Salvador-Amores 2009); *tattoo o batek* (Calano 2012; Salvador-Amores 2014) at sa kabuoang “kaayusang panlipunang kolonyal” (Salvador-Amores 2004; Rovillos 2006, 2009). Mula sa mga somatikong pag-aaral, itinampok na rin ang Kordilyera sa mas malawak na pananaw sa kasarian at seksuwalidad—halimbawa, ang pagkalalaki (Ruanto-Ramirez 2013); pagkababae (de Castro at Sanculi 2017; Fagsao 2019); at homoseksuwalidad (Josef 2022).

Ipinapakita lamang nito na naging abala ang akademiya sa pag-aaral sa katawang nakasaplot at malaon sa ugnayan nito sa kasarian at seksuwalidad. Ito ang naging paksa ng mga nasabing pag-aaral sa korporealidad at/o pangangatawan ng Kordilyera. Kaya’t napapanahon na rin ang pagpapakilala ng binubuo kong *Gymnosopiyang Pilipino* (Tugano 2026c) o kultural na pag-aaral sa hubad na katawan ng mga Pilipino, gamit ang katutubong pananaw na taliwas sa kolonyal at labas-kontekstong pagbasa. Tinututulan nito ang ilang mali at/o pinagmalabisang interpretasyon ng mga banyaga hinggil sa katawan ng mga katutubong Pilipino. Halimbawa, sa akda ni Robert Bennett Bean (1910) na *The Racial Anatomy of the Philippine Islanders*, kaniyang ikinumpara ang pisikal na katangian ng mga Igorot at kababaihang Europeo (Bean 1910). Naging sukatan ang “katawang nakasaplot” sa pagtukoy sa estruktura ng katawang nasukat sa lapad, tangkad at/o liit, at maging sa kulay.

Ang katawang hubad ng mga Pilipino, ayon sa disertasyon ni Mary Dorothy Jose (2021) ay isang paraan ng “negatibong pagsasalarawan ng katutubong paniniwala o ng katutubo mismo” (6). Ganito rin ang umiiral na pagtingin sa labas ng Pilipinas, halimbawa sa sinulat ni van Schendel (2002) na tumingin sa kahubaran bilang tatak ng pagiging “primitibo,” “hindi sibilisado,” at gawaing “mapamahiin” (van Schendel 2002). Makikita sa ilang post-kolonyal na pag-aaral ang pagtuligsa sa mga negatibong nosyon ng kahubaran ng mga katutubo na ipinunla ng mga kolonisador at “tagalabas,” halimbawa sa Africa (Beidelman 1968; Harawa 2022) at Asya (van Schendel 2002; Geng 2025;

Tan at Jegalus 2025), ngunit hindi kalabisang sabihin, hindi pa talaga ito gaanong nabibigyang-pansin sa kontekstong Pilipino.

Sa kultural na pagtanaw sa *genitalia*, nakapalaot pa lamang ang pagtalakay sa ilang ritwal at selebrasyong iniangkla sa konseptong *carnavalesque* ni Mikhail Bakhtin. Makikita ito sa pagtalakay ni Cruz-Lucero (2003, 2006) ukol sa *pitoy* ni Judas Iscariote ng Antique² na malaon ay aambagan din ng iba pang pag-aaral (Tuazon 2023; Tugano 2024a). May mga pag-aaral din sa iba pang selebrasyon sa ilang pamayanan ng Laguna, Cebu, at Bikol (Tugano 2025a). Ang aking mga naunang pananaliksik ay limitado ngunit pinagyayaman nito ang diskurso ng *genitalia* kaugnay ng mga materyal na kultura katulad ng pananagisag nito sa mga salaysaying bayan (Tugano 2025b); sining biswal (Tugano 2024b); kagamitan at/o prosesong agrikultural (Tugano 2025c); hayop (Tugano 2025d) at ekolohikal na representasyon (Tugano 2025e, 2025f). Bilang pagpapalawak at pagpapayaman sa aking mga naunang pagtalakay sa konsepto ng kahubaran at korporealidad sa iba't-ibang larangan, inilalapat ko rin ang ganitong pag-aaral sa konteksto ng Kordilyera sa pag-asang matukoy ang mga natatanging pangyayari at gawain sa rehiyon na maaaring magbigay ng panibagong pananaw sa somatikong pag-aaral.

Suliranin, Layunin, at Metodolohiya ng Pag-aaral

Paano binibigyang kahulugan ang mga somatikong materyal na kultura na nauugnay sa lingguwistika, arkeolohiya, at salaysaying bayan sa diskurso ng lipunang Kordilyera? Ito ang pangunahing tanong na nais tugunan ng pag-aaral na ito. Layunin ng pag-aaral na maipasok ang kontekstong Kordilyera sa kambal na pagsipat sa somatiko (Turner 1992) at pagkataong Pilipino (Covar 1993). Sala-salabat at nanatiling heuristiko ang panimulang pagtitipon, pagsusuri, at pag-uugnay sa mga phallikong presensiya ng kultura at lipunang Kordilyera. Upang tugunan ang pag-aambag ng kaalaman, maipahahayag na ang somatiko at kahubarang Kordilyera (diagram 1) ay mababakas sa tatlong pangunahing salik: ang lingguwistika, etnograpiya, at arkeolohiya. Katulad ng pahayag ni Lasco (2015), nagiging posible ang pagtitipon ng kaalamang nakaugnay sa sinaunang panahon kung gagamitin ang larangan ng lingguwistika, genetika, etnograpiya, at arkeolohiya (Lasco 2015).

Ang nasabing mga larangan ay mahalaga upang pag-ugatan ng mga salaysaying bayan na ayon kay Villan (2020) ay “pansambayanang naratibo, kuwento, at pahayag na inilakip, inihabi, at iginigiit sa naroon na, nakaimbak sa, at likas na nakahabi sa lahat ng anyo o uri ng ekspresibong kultura na tinatawag natin sa teknikal na kategoryang pamanang-lahi” (250). Maituturing kung gayon bilang pamanang-lahi ang mga pinagpasa-pasang salita na hatid ng lingguwistika, lakip ang

konotasyong kaakibat ng mga ito. Sa etnograpiya, ang mga etnolohista at etnograper ay nakasasagap at nakatutuklas ng mga tinatawag na “*first-hand narratives*” (Devlin 2021, para. 1). Ilan sa kadalasang natipon ng mga maagang etnograpihong pag-aaral ay naglalaman ng mga kuwento, *folklore*, bugtong, at mitolohiya. Panghuli, nakatutulong ang arkeolohiya upang tuklasin ang matandang kasaysayan kahit wala pang tradisyonal na dokumentong naisusulat (Reyes 2012). Umaasa kadalasan ang arkeolohiya sa kultural at historikal na interpretasyon sa mga natatagpuang kagamitan. Liban sa halaga ng lingguwistika, etnograpiya, at arkeolohiya sa pangangalap ng kaalaman, may hatid ding alternatibong kahusayan ang pagsusuri sa mga materyal na kultura. Bagama’t maituturing ding materyal na kultura ang mga arkeolohikong kagamitan, sinadya kong paghiwalayin ang materyal na kultura ng Kordilyera upang maipasok ang konsepto ng *commercialized phallus*. Lakip ng materyal na kulturang ito ang mga *phallic handcraft* na matatagpuan sa rehiyon.




Diagram 1. Heuristikong pagtuklas sa somatiko at kahubaran ng Kordilyera (may-akda 2026)

Dahil heuristiko pa rin ang estado ng pag-aaral, gumamit pa rin ito ng ilang karagdagang datos mula sa mga alternatibong paraan at sanggunian, katulad ng *blog*, *travel narratives*, mga balita at komentaryo sa onlayn, at iba pang babasahing labas sa kanonikal na pamantayan ng pagiging akademiko. Lalo’t ipinanukala ni Nuncio (2025) ang *araling internet* bilang isa sa mga sangkap na oryentasyon bilang metodolohiya ng inter-/multi-/transdisiplinaryong pag-aaral sa Araling Filipino. Hindi kalabisan ang pagbibigay ng malaya at mapagpalayang interpretasyon hinggil sa paksa hangga’t nasusuportahan ito ng

ilang ebidensiyang empirikal at teoretikal. Gayunpaman, maisisilid ang lahat ng mga sinuring materyal na kultura sa iisang korpora ng tinawag ni Villan (2023) na “tungtungang komunikasyon” ng lipunan. Ito ay kaniyang hinati sa *aestetikong tungtungan* na kinabibilangan ng sining pasalita, sining biswal, at sining pagtatanghal, samantalang ang *teknolohikal na tungtungan* ay sumasakop sa kaalamang madalas na ipinamamalas sa midya. Upang makamit ang kolektibong simulain ng bayan, idinadaan ito ng lipunan sa pagtutula, pagkukuwento, pagsasaepiko, pagpipinta, pag-uukit sa bato, tabla, at tumbaga (Villan 2023, sinipi sa Tugano 2025e, 208). Ibig sabihin, ang anumang materyal na kultura, taal man o nilikha at nariyan na, ay naghahatid pa rin ng isang komunikasyong sasalamín sa kasaysayan at kultura ng isang lipunan. Sa kabuoan, may walong pangunahing phallikong materyal na kultura ang mababanggit at maitatampok sa pag-aaral na ito:

1. Porn Cave ng Sumaguing Cave, Sagada, Mountain Province
2. Halo ng Bintacan Cave, Lagawe, Ifugao
3. Ginintuang Pigura ng Suyoc, Lepanto, Mankayan, Benguet
4. Genitalia nina Gatan at Bugan at iba pang phallikong pigura sa Tam-Awan Village, Baguio City
5. Bulul ng Mayoyao, Ifugao
6. Barrel Man at Barrel Woman ng Baguio City
7. Phallic Ashtray ng Baguio City
8. Phallic Keychain ng Baguio City

Sala-salabat ang pinaghanguan ng mga ito. May ilan ang nagmula sa mga personal na paglalakbay sa lunan at museo, mga limbag na babasahin, at ang ilan naman ay mula sa onlayn. Gumamit din ng ilang *blog* o *weblog* na tumalakay sa Kordilyera. Nilinaw nina Bouwma-Gearhart at Bess (2012, 250) na ang *blog* ay isang “online journal where an individual, group, or corporation presents a record of activities, thoughts, or beliefs”. Samakatuwid, ito ay hindi nakapagbibigay ng implisitong kaalaman. Ngunit kung gagamitin ang *teknolohikal na tungtungang* pamantayan ng kultura na iminungkahi ni Villan (2023), nag-aambag pa rin ito ng organikong kaalaman. Gayunpaman, kailangan pa ring isaalang-alang kung mapagkakatiwalaan ang bawat kaalaman sa pamamagitan halimbawa ng koroborasyon at sala-salabat na pag-uugnay sa mga limbag na babasahin at iba pang mapagkukuhanang kaalaman na labas sa kanonikal na pamantayan ng akademikong pag-aaral. Liban pa rito, ginamit din ang paghahambing sa mga sekondaryang datos na may kaugnayan sa mga phallikong materyal ng Kordilyera. Bagama’t sentro ng pag-aaral ang walong pangunahing phallikong materyal na kultura na binabanggit sa itaas, nagpasok din ng banyagang materyal na kultura, halimbawa sa Timog-Silangang Asya, Europa, at Amerika, upang

mapagtibay o mapatotohanan ang inihahaing kaalaman. Ideolohikal ang pamamaraang ito sapagkat sinusunod ng aking karamihang pag-aaral ang balangkas ng *Araling Kabanwahan*, isang makabagong lapit ng pag-aaral sa Pilipinas na nakatuon sa ugnayan at pag-uugnay ng Pilipinas at ng iba't ibang bayan o kabihasan mula sa sarili at maka-Pilipinong paninindigan. Sa depinisyon ni Navarro (2012, 3) sa ideyang ito, ang *Araling Kabanwahan* ay “pagkakaugnay at pag-uugnay ng sariling kabuoan sa mga kapwa/kaugnay na kabuoan at/o ibang kabuoan”. Sa pananaw na ito, maipopook ang Pilipinas sa ugnayang Austronesyano at sa lahat ng mga bansang may kaugnayan at maaaring iugnay sa Pilipinas (Navarro 2021). Kaya’t ang anumang pag-uugnay at paghahambing sa mga phallikong materyal na kultura ng Kordilyera at ibang kabihasan na makikita sa pag-aaral na ito ay sumasandig sa parametro at pananaw ng *Araling Kabanwahan*.

Dahil sa sala-salabat ang pinagkuhanan ng mga empiriko at organikong kaalaman, kailangan ding linawin ang etikal na pagharap sa katutubong kultura at representasyon. Kaugnay ng pananaw, sensibilidad, at konteksto ng mga pamayanan sa Kordilyera, kakikitaan ang pag-aaral na ito ng ilang espekulatibong pormasyon ng pagsusuri, ngunit sinikap pa ring maipakita ang *indigenous voices* ng mga nasabing pagsusuri sa pamamagitan ng pagsangguni at pag-uugnay sa ilang limbag na etnograpihong pag-aaral. Samakatuwid, ang pag-aaral ay hindi pa talaga nakapaghahain ng isang *axiom* o *absolute truth* bagkus, inililihis lamang ang pagsusuri sa kolonyal at labas-kontekstong pagbasa. Ang anumang pagkakamali at/o taliwas na interpretasyon sa ibang pananaw ay inaako ko bilang akin.

Commercialized Phallus

Sa tinawag na *civilized body* ni Norbert Elias (1978, 1982), ang katawan bilang isang “*unfinished biological and social entity*” (Shilling 2003, 150) ay mabubuo lamang sa direktang pakikisangkot at pagpapagamit sa puwersang panlipunan. Sinang-ayunan ito ni Pierre Bourdieu (1986) na nagsabing ang katawan ay isang halimbawa ng *physical capital*. Ibig sabihin, ang katawan ay maaaring maging bahagi ng kabuhayan at pamumuhunan sa daloy ng ekonomiya. Malinaw ang ganitong penomeno sa mga seminal na pag-aaral ni Reuben Cañete (2005, 2010, 2011, 2012, 2014a, 2014b, 2015) na karaniwang nakatuon sa “pagpapaganda” at “remodipikasyon” ng katawang lalaki upang magamit sa antas ng kapitalismo. Ang paghuhubad sa kabuoan ay lunsaran ng usapin ng hanapbuhay, kapitalismo, at neoliberalismo (Tolentino 2000a, 2000b; Rodriguez 2003; Contreras 2014) halimbawa sa representasyon ng mga *sex worker* (Tolentino 2004, 2021; Tadiar 2021). Malinaw sa bahaging ito ang phallikong pananangkapan sa katawan at kabuhayan. Sa hanay ng kababaihan, ang konseptong “industrial

vagina” ni Sheila Jeffreys (2009) ay tumutukoy sa pagkakapasok ng ari ng mga babae sa ekonomiyang politikal sa pandaigdigang *sex trade*. Halos kamukha ito ng *vaginal economy* (Tolentino 2010, 2011) at “*from vaginal to phenomenal*” ni Jimenez-David (2002) sa kontekstong Pilipino.

Kung ilalapat ang panukalang konsepto ng *commercialized phallus* sa konteksto ng mga materyal na kultura sa Kordilyera, maituturing ang karamihan sa mga ito bilang sangkap ng hanapbuhay, kapitalismo, at neoliberalismo. Idiniin halimbawa sa pamamagitan ng mga konseptong “selling Banaue” (Medrana 2013), “selling the Cordillera” (Talamayan 2018), “commodifying cultures” (Talamayan 2022), at “mallification” (Garcia 2025) ang umiiral na aspektong ekonomiko sa mga materyal na kultura ng rehiyon. Liban sa ilang kontrobersiyal na phallikong sining na dumaan sa komersiyalisasyon (Tugano 2024b), titingnan muli ng pag-aaral na ito ang kalagayan ng mga *phallic handcraft* ng Kordilyera at kung papaano ito sumailalim sa nagtatalabang kahulugan.

Sa ngayon, mabibigyan ng isang *operational definition* ang *commercialized phallus* bilang isang elemento na nagsimula bilang phallikong simbolismo o *fertility object* na mayroong orihinal na gamit ngunit kalaunan ay sasailalim sa minodipikang simbolismo. Samakatuwid, bago tuluyang tawagin bilang *commercialized phallus*, kinakailangan nito ng *market circulation*, kontekstong turismo, at may bahagya o tuluyang pagkalas mula sa ritwal na gamit. Halimbawa, may ilang *phallic festival* sa daigdig ang orihinal na isinasagawa alinsunod sa pananampalatayang Buddhismo, Hinduismo, at Shintoismo (Tugano 2023). Sa Kanamara Matsuri Festival ng Kawasaki, Japan, naipakikita rito na ang phallikong simbolismo ay may orihinal na kaugnayan sa pananampalatayang Shinto. Ngunit naging komersiyalisado ito nang nagkaroon ng transisyon mula sa pagiging lokal na “clandestine fertility rite” patungo sa sikat na pandaigdigang atraksiyong panturismo. Pinatatanyag din ito ng *social media* at may nagaganap na kolaborasyon sa mga lokal na manininda (Beattie 2026). Ito rin ang tinitingnang dahilan kung bakit karamihan sa mga phallikong materyal na kultura ng Kordilyera ay kabilang sa *commercialized phallus* dahil liban sa ito ay ibinebenta, ito rin ay binabago at pinasisikat kapwa sa anyo ng midya at merkado.

Sa susunod na bahagi, kikilalanin ang phallikong pagtuklas sa lipunang Kordilyera batay sa katuturan ng lingguwistika, etnograpiya, at arkeolohiya na malaon ay itatawid sa mga materyal na kulturang inihanay bilang mga *commercialized phallus*.

Butò at Larangang Lingguwistika

Kadalasang ginagamit ang *phallus*, *penis* at *titi* upang tukuyin ang ari ng katawang lalaki. Gayunpaman, batay sa kinasapitan ng naunang pag-aaral (Tugano 2025a, Tugano at Victoria 2026), natukoy sa

pamamagitan ng mapa na laganap ang butò sa wikang Austronesyano at Proto-Austronesyano (PaN), kung saan kabilang ang lahat ng wika sa Pilipinas. Mula sa PaN, tutungo ang ebolusyong pangwika sa Proto-Malayo-Polynesian (PMP) at sa Proto-Philippine (PPh) (Tugano at Victoria 2026). Laganap ang PMP **butuq*, PMP **lasuq*, at PMP **qutin* sa mga salitang maituturing na pinagmulan ng mga *reflex* kaugnay ng mga salitang tumutukoy sa ari ng lalaki (Tugano 2025g; Tugano at Victoria 2026). Dahil PMP **butuq* ang pinakalaganap, ang terminong butò ang gagamitin sa kabuoang pag-aaral bilang katumbas ng *phallus*, *penis* at *titi*.

Sinangguni sa bahaging ito ang kompilasyon at burador ng mga salitang tinipon ng Summer Institute of Linguistics (SIL). Makikitang masalimuot ang salitang butò at mga katumbas at/o plural na anyo nito sa kawikaang Kordilyera. Sa katunayan, maririnig din ang PMP *boto* sa mga Ibaloy (Ballard 1966) at PMP *butu* sa Ifugao-Tuwali (Hohulin at Hohulin 2014) na katulad ng karaniwang gamit sa PMP *buto* ng mga Ilokano (Constantino 1971). *Butu* rin ang tawag dito ng mga Ifugao. Ayon kay Io Jularbal ng UP Baguio (2022) (sa palitang e-mail), ang Ilocano ang *lingua franca* sa Kordilyera kung kaya't gamit ito ng anumang etnolingguwistikong grupo sa rehiyon. Para naman sa mga Kalanguya-Ikalahan, PMP *otit* ang tawag dito (Walang awtor 1966); PMP *oti* sa Finallig-Bontoc (Clapp 1906); PMP *'qotin* sa Itneg (Walton 1966); PMP *qutin* naman para sa Ifugao-Batad (Newell 1970; Newell at Bon'og 1993); at PMP *úsin* sa Isneg sa Dibagat, Kabugao, at Apayao (Roe 1966; Vanoverbergh 1977b). Katulad din ito ng ilang katawagan ng Sebwno bilang *utin* (Tan et al. 2010). Maririnig din ang PMP *luse* sa Sagada-Pidlisan (Ballucan 2016; Tugano at Victoria 2026).

Bagama't ang butò ang pangunahing pokus ng pag-aaral na ito, hindi maiiwasang talakayin ang kabuluhan at konseptuwalisasyon ng *genitalia* ng kababaihan, sapagkat mahalagang bahagi ito ng mas malawak na diskurso hinggil sa katawan at seksuwalidad. Sa kontemporaryong paggamit, higit na laganap ang mga katawagang *pekpek*, *pepe*, *puday*, at iba pang kolokyal na termino. Gayunpaman, pinipili ng pag-aaral na ito ang terminolohiyang *puki* bilang pangunahing akademikong katawagan. Ito ay base sa maaaring kauna-unahang aklat sa wikang Filipino na tahasang tumatalakay sa puki, ang librong *Puki-usap* ni Beverly Siy na nalimbag noong 2008. Bukod dito, *puki* rin ang salitang matatagpuan sa mga *vocabulario* noong ika-17 na siglo. Halimbawa, itinala ni Pedro de San Buenaventura (1613) ang iba't ibang katawagan sa ari ng kababaihan. Bagama't inuri niya ang mga ito bilang “masamang salita” (*palabras*), tinumbasan pa rin niya ang mga ito ng mga anyong *Buwa nang Ina*, *Pocqui nang Ina*, *Talpac nang Ina*, at *Tilin nang Ina*, na maiuugnay sa iba pang mga baryanteng *pocqui*, *poclo*, *tilin*, at *hindot* (Tugano 2025; 2025g). Gayunpaman, hindi lamang puki ang maaaring ituring na wastong katawagang akademiko. Maaaring

isama rito ang *kiki*, na matatagpuan din sa ilang kontemporaryong publikasyon, gaya ng akdang pambatang *Ako ay May Kiki* nina Glenda Oris at Beth Parrocha (2020). Higit pa rito, may posibilidad na mas matanda pa ang *kiki* bilang leksikon sapagkat maitutunton ito sa mas malawak na kontekstong Austronesyano. Tulad ng binanggit ni E. Arsenio Manuel (1991) sa kaniyang “Introducing Philippineasian,” ang *titi* ay maaaring nagmula sa orihinal na monosilabikong *ti’*, na iniuugnay niya sa pangalang Tiki, ang mitolohikal na tagapaglikhang diyos sa Polynesia. Sa mga wikang Māori at Paea Tahiti (French Polynesia), ang *ti’* ay tumutukoy sa lalaki samantalang ang *ki’* ay tumutukoy sa babae. Dahil dito, ang *ti.ti’* ay naging katawagan para sa ari ng lalaki, samantalang ang *ki.ki’* ay para sa *genitalia* ng babae (sinipi sa Tugano at Victoria 2026). Sa kabuoan, kapwa maaaring ituring na akademikong angkop ang mga katawagang *puki* at *kiki*. Gayunpaman, alang-alang sa konsistensiyang terminolohikal at sa historikal na paggamit nito sa mga sinaunang sangguniang leksikograpiko, *puki* ang sistematikong gagamitin sa kabuoan ng papel na ito.

Butò at Etnograpiya

Mahalagang batis sa kasaysayan at kultura ng Kordilyera ang mga etnograpihong pananaliksik na ayon sa sarbey at pagtitipon ni Prill-Brett (1978) ay lumitaw mula pa noong panahon ng mga Español at nagpatuloy hanggang inilimbag ang nasabing pag-aaral noong dekada 1970. Liban sa kasaysayan at antas ng pamumuhay, naging tema ng ilang etnograpihong pagtatala at pag-aaral ang panitikan at literatura ng mga pamayanan sa Kordilyera (Wilson 1948–1951; Manuel 1965; Lambrecht 1967; de Raedt 1969; Rosaldo 1971, 1972 sinipi sa Prill-Brett 1978). Ngunit limitado ang nakapagtala at nagbigay ng karampatang pansin sa mga kuwentong ukol sa butò.

Mababasa sa dalawang etnograpihong pag-aaral ni Bacwaden (1997a, 1997b) ang tungkol sa butò ni Lumawig. Itinuturing si Lumawig bilang pinakamataas na Diyos sa Kordilyera (Samar 2019). May isang kuwentong pinamagatang “How he plowed a field in Sabangan” na nagbigay hinuha upang isiping higante ang butò ni Lumawig. Batay sa kuwento, matapos niyang lumibot sa labing-apat na lugar³ upang humanap ng asawa at bumuo ng isang pamayanan, siya ay kaagad na tumungo sa Sabangan (ngayon ay bayan sa Mountain Province). Bago tumungo sa isang lugar na tinatawag na Ambango, binungkal ni Lumawig ang malaking bato gamit ang kaniyang butò (Bacwaden 1997a). Sa bersiyon ng kuwentong ito sa Kayan (isang komunidad/barangay sa Tadian, Mountain Province), walang pagbanggit sa butò ni Lumawig hindi katulad ng nasa Sabangan. Gayunpaman, batay sa bersiyon ng Kayan, nilikha ni Lumawig ang sandaigdigan sa pamamagitan ng kaniyang tainga at buhok (Bacwaden 1997b).


Pumunta si Lumawig sa Bundok Pokis at Bundok Kalawitan upang gawing inunan (*placenta*) ang anak ng mga babaeng buntis na kaniyang nakita (Bacwaden 1997b). Anuman ang mga bersiyong ito, malinaw na ginamit ang mga bahagi ng katawan bilang instrumento ng paglikha ng daigdig ng mga Igorot—ang butò, tainga, at buhok.

Kapansin-pansin ang simbolismo ng butò sa pagsisimula ng panahanan, bago ito gamitin sa pagbubuo ng panibagong buhay o fertilidad. Ganito rin ang makikita sa ilang sinaunang pamayanan. Isang kaingin na lupain ang sinimulang ayusin ni Lumawig na katulad ng epikong Ibalon ng Bikolnon; si Handiong at kasama ang katawang babaeng ahas na si Oriol ay nagsimulang luminang ng lupang agrikultural (Tugano 2025b). Ang pagkababae ng butò ay nasalamin sa mga kalahating babae at ahas sa mga salaysaying bayan (Tugano 2025b). Samantala, makikita rin ang kaugnayan ng butò sa pagsisimula ng pamayanang umaasa sa pangingsda, halimbawa, ang mga higanteng Samarnon na sina Sumuroy (Verano 2018) at Maka-andog (Hart at Hart 1966) (sinipi sa Tugano 2025e, 2025f) na liban sa pawang mga mangingsda, nag-iwan din sila ng marka ng kanilang mga butò sa dalampasigan.

Libansamgaalamat, naitampok din ang butò sa ilang etnograpihong pagtatala kaugnay ng bugtong ng Kordilyera. Halimbawa nito ang bugtong na ang sagot ay *usin* ng Kankanaey (Vanoverbergh 1952) at Isneg (Vanoverbergh 1953). Sa katunayan, kinasangkapan pa ang Igorot bilang tauhan sa bugtong ng mga Ilokano. Iniugnay ang *baston ng Igorot bilang* katumbas ng butò—*baston ti Ygorot, dica maparot* (baston ng Igorot, hindi mabunot) (Star 1909, 70 sinipi sa Tugano 2025c).

Butò at Arkeolohikal na Tuklas

Sa geolohikal na katangian ng Kordilyera, may ilang *rock formation* at arkeolohikal na *petroglyphs* ang matatagpuan dito. Isa sa mahalagang *rock art site* ng Pilipinas ang *petroglyphs* sa Alab, Bontoc, Mountain Province (Faylona et al. 2016). Natuklasan ito noong 1972 ng isang negosyante at kaagad nitong idinulog sa tanggapan ng Pambansang Museo ng Pilipinas (Zeta-Yap 2023). Makikita rito ang nasa 200 na *rock engravings* kabilang na ang mga tatsulok, V-shaped, at U-shaped na ukit sa batuhan na lokal na tinatawag na *binutbuto* o “ari ng lalaki” sa wikang Bontoc at ito ay pinaniniwalaang mga abstraksiyon ng *genitalia* ng tao. Karamihan ay anyo ng *vulva* (Zeta-Yap 2023) (larawan 1). Ayon sa tala, ang *petroglyphs* ay binatbat noong 1,500 BK o panahon ng Bronse (Dayaoen 2024). Ang presensiya ng mga ukit na butò at puki ang dahilan kung bakit mula noon ay tinawag ang lugar bilang “Binutbuto Rock” at ayon sa tradisyong oral ng mga Bontoc, ang luminang sa mga nasabing *petroglyphs* ay nakalibing sa kalapit nitong kuweba (Dayaoen 2024).



Larawan 1. Rock engravings na nasa abstraksiyon ng genitalia; makikita sa Alab, Bontoc, Mountain Province. Larawan mula kay Zeta-Yap (2023).

Ang ganitong tambalan ng butò at puki ay personal ko ring nakita bagama't hindi arkeolohikal, kundi sa isang kuweba ng Sumaguig Cave sa Sagada, Mountain Province. Sa antas ng turismo, tinawag itong “Porn Cave” sa kadahilanang narito ang tinaguriang “King and Queen Rock Formation” kung saan matatagpuan ang pormasyon ng malaking butò (larawan 2) at puki (larawan 3). *Porn Cave* na ang tawag dito nang akin itong puntahan noong 2011, 2014, at 2016 (Tugano 2025f). May pagbanggit si Gary Stephens (1994) sa kaniyang maagang *travel book* na *Sagada: A Visitor's Guide* tungkol sa Sumaguig Cave ngunit hindi naman niya binanggit ang tungkol sa “Porn Cave.”



Larawan 2. Isang bato na nasa porma ng higanteng butò na makikita sa loob ng Sumaguig Cave sa Sagada. Kuha ng may-akda.



Larawan 3. Isang bato na nasa porma ng higanteng puki na makikita sa loob ng Sumaguing Cave sa Sagada. Kuha ng may-akda.

Ipinagpapalagay kong moderno ang katawagang ito lalo pa at ang Sumaguing ay isang “Big Cave” dahil ito ang itinuturing bilang “largest chamber” ng Sagada (Conde 2013). Sa aking pagtatasa, may negatibong konotasyon ang pagtawag dito bilang “Porn Cave” gayong ipinaliwanag sa aking pag-aaral (Tugano 2025f) ang halaga ng kuweba bilang “pagsisimula ng buhay” at siyang puki at/o matris ng daigdig para sa ilang pangkat-katutubo sa Pilipinas. Sa akin ding palagay, tourism tactics ang pagtawag na “Porn Cave” ang bahaging ito ng Sumaguing katulad ng “Binutbuto Rock” sa Bontoc upang pumukaw sa interes ng mga turista na puntahan ang mga ito. Posibleng labas sa konteksto at pagpapakahulugan ng mga sinaunang tao sa lugar na tawagin itong mga *genitalia*, kung kaya’t itinuturing ko rin ang “Porn Cave” at “Binutbuto Rock” bilang mga *commercialized phallus*. Ayon sa tala, ang pagpunta sa Alab Cave na bahagi ng Bundok Data na tatagos sa Ganga Burial Caves ay nagkakahalaga ng 1,500 piso (Zeta-Yap 2023) samantala ang Sumaguing Cave na dumadaan sa Lumiang Burial Cave ay nagkakahalaga naman ng 900 hanggang 2,400 piso (Jervis 2024). Hindi kalabisang sabihing higit na nagiging kapanapanabik sa turismo at paglalakbay ang mga nasabing kuweba dahil sa ipinamamalas na adbortismo hinggil sa mga *genitalia*.

Liban sa kalikasan, may ilang kagamitan mula sa Kordilyera ang naitumbas at naiwangis sa estruktura ng butò. Una rito ang natuklasan sa Bintacan Cave, Lagawe, Ifugao, ang mala-butòng *halo* (larawan 4) na tinatawag bilang *ludih*. Ito ay ginamit sa pagdurog ng paminta. Kung minsan, dinudurog din dito ang *nganga* (betel nut) o mga pagkaing

ibinibigay sa mga batang walang ngipin (Maher 1986-1987, sinipi sa Tugano 2025c). Subok sa maraming lipunan ang simbolismo ng *halo* bilang subliminal o euphemismo at direktang simbolismo ng butò at ang *lusung* ay para sa puki (Berndt 1954, sinipi sa Bulmer at Bulmer 1962; Desautels et al. 2005; Bagnol at Mariano 2008; Nabulime at McEwan 2010, sinipi sa Tugano 2025c). Samakatuwid ang ugnayan ng halo-at-lusung bilang kasangkapan ng pagbabayo ay subliminal na anyo ng pagtatalik. Kaya’t ang pagbabayo at ilang aspektong kaugnay nito katulad ng bigas, palay, at binhi ay kadalasang naiugnay sa semilya (tamod) yamang kapwa “pagsisimula ng buhay” ang katangian ng agrikultura at fertilidad (Tugano 2025b, 2025c).



Larawan 4. Halo ng Lagawe, Ifugao. Natagpuan sa Bintacan Cave na ginamit sa pandurog ng nganga at paminta. Larawan mula kay Maher (1986-1987).

Liban sa halo ng Lagawe, tipikal na mapapansin ang mga antropomorphikong may butò sa *bulul* ng Ifugao at isang ginintuang pigura (larawan 5) na nabanggit ni Alexander Schadenberg sa pagitan ng 1881 at 1896 (sinipi sa Philippine Studies at SOAS 2023) na natagpuan sa Suyoc, Lepanto, Benguet. Ito ay nasa pag-iingat ngayon ng Museum of Ethnology sa Vienna, Austria. Liban pa ito sa 20,000 kagamitan mula sa Isla ng Nicobar at Andaman at Timog-Silangang Asya kabilang na ang Pilipinas na ngayon ay nakalagak sa Insular Southeast Asia Collection sa Weltmuseum sa Heldenplatz, Vienna, Austria (Tugano 2026a). Nakahubad at may nakatayong butò ang pigura mula sa Lepanto; ito ay katulad ng *manaug*⁴ at tinawag din bilang “house deity” (Philippine Studies at SOAS 2023) na ginamit kapwa sa fertilidad at pag-aani ng bigas:

Unfortunately, knowledge about the exact significance of these figurines has been lost, **but the pronounced erect penis insinuates association with fertility, which symbolizes wealth in general.** Schadenberg himself refers to the item as a “house deity,” and mentions that it was difficult to acquire. The fact that the figure is unclad yet wearing a rather large basketry, leaf, or gourd

headgear may be significant, and there is no doubt the figurine was associated in some manner with a ritual, most probably to induce good luck and wealth for the family owning it. The figurine is rather crudely manufactured by lost wax casting, and stylistically it is reminiscent of wooden carvings from the Kalanguya/Kankanay area. It is quite realistically rendered in comparison with—for example—*tinagtagu* (anthropomorphic) bronze cast anito (ancestor) pipes from the very same area (*akin ang diin*) (SOAS 2023, para. 1).



Larawan 5. Ginintuang pigurin ng Lepanto, Benguet. Natagpuan sa Suyoc, Lepanto at mayroong “erect penis.” Larawan mula sa The Aswang Project (2020).

Mahalagang binibigyang-diin sa siniping pahayag ang abstraksiyon ng kahubaran ng gintong pigura ng Lepanto, na agad na iniuugnay sa *tinagtagu*, isa ring antropomorpikong pigura. Ang *tinagtagu* at/o *bulul* ng Kordilyera ay karaniwang inilalarawan bilang mga hubad na pigura na may lantad na butò. Higit pa rito, kapwa silang iniuugnay sa magkakaugnay na konsepto ng fertilidad at agrikultura. Gayunpaman, hindi nangangahulugan ang obserbasyong ito ng isang esensiyalistang pagpapalagay na nilikha ang *bulul* upang katawanin o ipakita ang kahubaran. Sa katunayan, paulit-ulit nang binibigyang-diin ng mga iskolar at mga pamayanang Kordilyera ang panganib ng pagbibigay ng maling impormasyon at labas-sa-kontekstong pagpapakahulugan sa *bulul*. Dahil dito, mahalagang kilalanin ang samot-saring produksiyon at dinamika ng kaalaman na humuhubog sa kahalagahan at kabuluhan nito.

Sa umiiral na literatura, naipakikita ang maraming dimensiyon ng *bulul*. Una, inilalarawan ito bilang sisidlang nagpapadaloy ng kapangyarihang magpagaling (*healing*) sa loob ng isang

transpangkulturang tradisyon ng mga pigurang ginagamit sa ritwal (Camhol 2025). Ikalawa, may mga *bulul* na itinuturing na “unconsecrated figures,” mga pigurang hindi na nililikha bilang kagamitang panritwal kundi bilang mga bagay na pangunahing inilaan para sa kalakalan (Tolentino 2012, 42). Ikatlo, taglay nito ang malalim na ugnayan sa mga *mumbaki*, na nagsisilbing tagapamagitan sa mga ritwal at espirituwal na gawain ng pamayanan (Salvador-Amores at Martin 2023). Ikaapat, inuunawa rin ito bilang representasyon ng mga ninuno (Tolentino 2004). Ikalima, kinikilala ang *bulul* bilang tagapangalaga laban sa mga peste at tagapagtiyak ng masaganang ani (National Museum of the Philippines 2022). Kaugnay nito, ipinakita ni Conklin (1980) na ang *bulul* ay hindi maihihiwalay sa tinawag niyang “agricultural year,” sapagkat nakapaloob ito sa buong siklo ng produksiyong agrikultural, mula sa paghahanda ng bukirin hanggang sa pag-aani at pagproseso ng butil.

Samakatuwid, nararapat na pagyamanin ang pag-unawa sa masalimuot at magkakapatong na mga kahulugan ng *bulul*, sa halip na ikahon ito sa iisang pagpapakahulugan. Mahalaga ang ganitong masusing pagsusuri upang maiwasan ang mga suliraning tinukoy ni Salvador-Amores (2020) bilang “issues of commodification and cultural appropriation,” na nagbubunga ng paglayo ng *bulul* sa mga historikal, ritwal, at kultural na kontekstong nagbibigay rito ng kabuluhan.

Butò at Anito ng Bigas

Sa isang di-limbag na manuskrito nina Alvear at Longid (2019) na “Made in Baguio: An Examination of the Wood Carving Industry of the Cordilleras,” pahapyaw na nabigyan ng mga may akda ang konteksto ng pagsisimula ng wood carving sa Kordilyera. Kanilang iniugat muna ang talakayan sa *muyong system* o proseso ng pagtatanim sa kagubatan. Gayundin ang mga kagamitang ginagamit sa proseso katulad ng *sanggap*, *tampak*, *sinowan*, *da-os/tolan*, *aklo*, *sagad*, at *alado* (Alvear at Longid 2019). Sa pagtatapos ng kolonisasyong Amerikano noong 1946, sinasabing nagsimula ang palitan ng produkto sa pagitan ng Kordilyera at lowland areas, kasunod nito ang paglitaw ng industriya ng wood carving noong huling bahagi ng dekada 1960; at noong 1973, masisilayan ang mga trak na lumilisan araw-araw sa Banaue lulan ang mga nililok na produkto (Alvear at Longid 2019).

Ayon kay Buenafe (2012), matagal nang ipinag-utos ng mga Amerikano na putulin ng mga katutubo sa Hapao, Ifugao ang mga puno sa kabundukan upang magamit sa paggawa ng Kennon Road. Nakita nila ang kahusayan ng mga Ifugao sa paglililok ng mga antropomorphikong larawan ng mga anito (Buenafe 2012). Binayaran sila ng mga Amerikano upang lumikha ng mga banga at ilang palamuti. Nang matuklasan ng mga Ifugao na maaari itong magbigay

sa kanila ng kita at kabuhayan, tumungo sila sa Baguio lalo pa at base ito ng mga Amerikanong sundalo at turista na kadalasang bumibili at tagapagtangkilik ng mga nilililok na kasangkapan at anito (Calugay et al. 1981-1982, sinipi sa Buenafe 2012).

Isa sa mga ginawang produkto mula sa pinutol na troso ay ang *bulul*. Mahalaga para sa mga katutubong nasa Kordilyera ang pagkakaroon ng isang *bulul*, partikular sa mga Ifugao. Isa itong nililok na kahoy at itinuring bilang anito at inilalagay sa kamalig ng bigas (Cordillera Schools Group Inc. 2003). Itinuring din ito ng mga Igorot bilang rice guardian sa kanilang ritwal na *torchag*⁵ (Acabado 2013). Ang *bulul* ay kilala bilang *tinagtago* para sa mga Hilagang Kankanaey na kalimitang nagkakanlong sa Sagada at Besao (Cordillera Schools Group Inc. 2003). Magkaiba ang *bulul* ng Ifugao at *tinagtago* ng mga Kankanaey. Inaalaman ng dugo ng manok at/o baboy ang mga *bulul* samantalang ang mga *tinagtago* ay ginagawa lamang gabay o tagapagbantay ng mga kamalig at ilang sanggol. Kadalasang nilililok ang mga *bulul* mula sa kahoy ng narra at sinasabing simbolo ito ng karangyaan, kasayahan, at kabuoan ng pagkatao (Buenafe 2012). Ang *bulul* ay dumadaan din sa tatlong mahahalagang tao—ang mga *mumbaki* o nagiritwal sa mga *bulul*; *munhapud* o mga taong pumipili o tumitingin ng mga angkop na punong puputulin para lilukan ng *bulul*; at ang mga *mumpaot* o tagapaglilok ng *bulul* (Buenafe 2012). May tinatawag na *alwen bulul* o isang ritwal na ginagawa sa mga kahoy bago ito lilukin upang magkaroon ito ng bisa at kapangyarihan (Alvear at Longid 2019).

Dumaan din ang mga *bulul* at iba pang likha sa proseso ng *commercialized phallus*. Binanggit muli nina Alvear at Longid (2019) na mayroong ekolohikal at etnolohikal na epekto ang industriya ng paglililok. Sa ekolohikal na aspekto, bumababa ang suplay ng mga puno at troso dahil kinahumalingan ng ilang katutubo na gawing kabuhayan o *commodity* ang industriya, higit lalo, upang makaalpas sa kahirapan. Samantala, ang epekto nito sa etnolohikal na aspekto ay ang pagbaba ng bilang ng mga nagsasagawa ng ritwal sa paglililok, sa halip, mas nakatuon ang ilan sa pagtugon sa pangangailangan ng turismo (Alvear at Longid 2019).

Ito ang tinitingnan kong dahilan kung bakit lumitaw ang mga *commercialized phallus* na iniugnay sa mga materyal na kultura katulad ng *bulul* na siyang makikita sa mga pamilihan, museo, at pampublikong lugar. Pinatunayan ng ilang pag-aaral (Kaell 2012; Swanson at Timothy 2012; Paraskevidis at Andriotis 2015; Notermans at Kommers 2020) ang pagpasok ng komodipikasyon sa ilang katutubong paniniwala, sagradong relic, at materyal na kultura upang pagtuonan ang umuunlad na turismo sa iba't-ibang lugar.

Butò kay Gatan

Sa Museo ng Ifugao na nasa bayan ng Kiangan, makikita ang *bulul* na nakatayo o nakaupo na kadalasan ay pares—lalaki at babae (Buenafe 2012). Ang ganitong pantay na pagtingin sa lalaki at babae ay makikita rin sa Tam-awan Village. Ito ay tahanan ng siyam na bahay-kubong taga-Kordilyera.⁶ Tinawag itong living museum na may layuning ipakilala ang katutubong kaugalian at tradisyon ng Kordilyera (Talamayan 2018). Sa Tam-awan Village, makikita ang larawan ng isang butò at puki sa pintuan ng palikuran (larawan 6);⁷ ang Bugan ay sumasagisag sa puki at ang Gatan ay para naman sa butò. Nang tinalakay sa itaas ang higanteng butò at puki sa “Porn Cave” ng Sumaguing Cave, naiugnay ito sa posibleng butò ni Lumawig bilang tagapaglikha ng mundo. At maiuugnay si Lumawig sa mag-asawang sina Kabunyan at Bangan. Ang dalawa ay nagkaroon ng tatlong anak, ang lalaking si Kabigat, ang babaeng si Daungen, at ang pinaghatiang bunso na magiging sina Bugan (babae) at Lumawig (lalaki) (Samar 2019).



Larawan 6. Butò ni Gatan at puki ni Bugan bilang representasyon ng kasarian sa pintuan ng palikuran sa Tam-awan Village. Kuha ni Mark Joseph Santos.



Larawan 7. Gatan ya Bugan. Salaysaying bayan hinggil sa unang lalaki at babae ng Mountain Province. Larawan mula kay Mang-osan (2012).

Tampok sa Mountain Province ang kuwento ng *Gatan ya Bugan* (Mang-osan 2012) (larawan 7) hinggil sa pinagmulan ng unang lalaki at babae ng lalawigan. Ayon kay Morice Vanoverbergh (1977a), si Gatan ay isang bayani at protektado ni Kabunyian. Isa siyang matipuno at guwapong lalaki na nakatira sa Maudan (Barton 1974). Iba't iba ang kaniyang pagkakakilanlan; si Gatan ay maaaring si Madalan o ang lalaking mahirap na naging mayaman na si Pastak-ingan (Vanoverbergh 1977a). Mahirap o mayaman man ang bersiyon ni Gatan, siya ay palaging kapares ni Bugan (Vanoverbergh 1977a). Sa ibang bersiyon, si Bugan ay anak ni Bintawan na nagsabing huwag magpakasal kay Gatan sapagkat siya ay bunso sa sampung magkakapatid at walang sariling ari-arian. Upang patunayan ang kaniyang pagmamahal kay Bugan, nagsibak si Gatan ng kahoy at tumulong sa pag-ani ng kaniyang magiging biyenang si Yemyeman (Vanoverbergh 1977a). Si Gatan ay posibleng isang anito rin kaugnay ng bigas. Sa mga kuwento, ginamit ni Gatan bilang batayan ang hitsura ng palay at/o bigas bago sumabak sa laban, liban sa pag-aalay ng atay mula sa manok o baboy (Vanoverbergh 1977a).



Larawan 8. Tambalang ahas at butò. Disenyo kung saan makikita ang ahas na kasama ang isang nakatindig na butò. Larawan mula kay Didy (2009).

Kung nilagyan o iniugnay si Gatan sa butò, mapaninindigang ang kaniyang butò [o ng sinomang anito] ay nailagay din bilang disenyo ng ilang bahay. Sa Tam-awan may isang mistulang ahas na kasama ang isang nakatindig na butò (larawan 8) (tingnan Wandering Commuter 2008; Didy 2009). Mahalaga sa paniniwala ng mga katutubo ang ahas at iba pang reptilya (Reyes 2010) bilang sagisag ng kahabaan ng buhay (*longevity*) at fertilidad (Atlas Obscura 2020).⁸ Malinaw ang pagkakaugnay palagi ng butò at ahas [at iba pang reptilya] (Tugano

2025b; 2025d). Laganap ang mga imaheng ito sa ilang pangkat-etnikong katulad ng Ibaloy, Kankanaey, Bontoc, Kalinga, at Ifugao. Iniuugnay ang ahas bilang katutubong espiritu na responsable sa pag-ikot ng buhay at kamatayan at pagsisimula o pagbubuo ng buhay at komunidad (Salvador-Amores 2018).

Higit pa rito, may kaugnayan ang anitong ahas at ang anitong si Gatan. Batay sa siniping kuwento ni Ray Barton (1974) mula kay Salvador Madalang, sinagip ni Gatan ang asawang si Bangan na noon ay dinakip ng halimaw na si Ala-alan na nakatira sa kagubatan ng Nanabea-an (Barton 1974). Ginamit ni Gatan ang matulis niyang sandata na kung tawagin ay *caniao*, nagkatay at nag-alay ng manok upang labanan si Ala-alan. Nakatagpo ni Gatan ang ahas na kung tawagin ay *ideo* na nagsisilbing tulay patungo sa kaharian ni Ala-alan. Niluhuran at dinasalan ni Gatan ang *ideo* kung kaya pinatawid siya nito upang mailigtas si Bangan sa kamay ni Ala-alan (Barton 1974). Sa ganitong konteksto, mapaninindigan na sina Gatan (na nasa representasyon ng butò) at ang ahas ay tunay na mga anito na may kani-kanilang kahulugan.

Sa kabila ng mayamang salaysaying bayan ni Gatan at iba pang anito, sa diwa ng *commercialized phallus*, kinasangkapan ng turismo ang somatikong katangian ng Kordilyera. Bagama't walang kalinawan kung may butò nga si Gatan sa mga salaysaying bayan na katulad kay Lumawig (Bacwaden 1997a, 1997b) at kung sadya o 'di sadya ang pagtatabi ng butò sa reptilya, naging sandigan ang mga salaysaying bayan upang pag-ugnayin ang mga aspektong ito. Samakatuwid, hindi lamang bunga ng kalabisang interpretasyon. Sa katunayan, ayon kay Kangal (2022), gamit ang ideya ng "Fetishism of the Commodity and Its Secret" ni Karl Marx, ang mga phallikong kagamitan ay hindi lamang lumitaw bilang kagamitan para sa pagsamba o ritwal, ngunit kaakibat din nito ang *commodity* na nakasalig sa mga sagradong simbolo (Kangal 2022) sa kasong ito, si Gatan at iba pang anito ng Kordilyera.


Butò sa mga Bulul

Ayon sa Tribal Art Asia (2021), kadalasang naka-ugnay o natatabihan ng *lusung* (*mortar*) ang babaeng *bulul* at ito ay napapalamutian ng mga hikaw at *anklet*. Samantala, *halo* (*pestle*) naman ang lalaki at napalamutian ng *G-String* o bahag. Maituturing itong pagtatagpo ng butò at puki bilang bahagi ng pagbabayo. Gayunpaman, wala halos o mahirap matukoy kung isang lalaki at babae ang *bulul* ngunit para kay Aurora Roxas-Lim "*no sexual distinctions are delineated except to suggest the breasts or the penis*" (akin ang diin) (Roxas-Lim 1973, 65). Para naman sa mga Kankanaey, ang kanilang *tinagtago* o *tao-tao* ay kalimitang inilalagay sa *dap-ay* o lugar ng kalalakihan sa pagpupulong at usaping


sosyo-politikal at sa *ebgan* ng kababaihan kung saan nagaganap ang panliligaw ng kalalakihan (Tribal Art Asia 2021).

Mula sa koleksiyon ng mga *bulul* ng Tribal Art Asia (larawan 9), mapapansin ang ilang *bulul* na may butò (larawan 10). Ang *bulul* na may butò at tinatayang gumulang at nililok noong 1850 ay sumusukat ng 29x9x7 pulgada. Natagpuan ito sa Mayoyao, Ifugao (Tribal Art Asia 2021). Gayundin, may halos 2,000 koleksiyon ng mga *bulul* ang nasa pangangalaga ni Edd Fuentes, ang may-ari ng Fuentes Manila, isang institusyong nagkakanlong sa mga katutubong kagamitan mula 1990 (Lara 2019). May mga koleksiyon si Fuentes na nagpapakitang may butò (larawan 11) ang mga lalaking *bulul* samantala ang mga babae ay tila-buntis (larawan 12). Makikita rin sa kaniyang mga koleksiyon ang tila magkapatong na babae at lalaki, na ani Fuentes ay nagtatalik:

To the untrained eye, one bulul looks like another except for their poses, but these rice gods have different purposes apart from bringing abundance; **some are for fertility**, others are for healing and protection (akin ang diin) (Lara 2019, para. 37).



Larawan 9. Bulul ng mga Ifugao na nilinang noong 1850. (a) Bulul ng Mayoyao Village, Ifugao at tinurang “David Howard Tribal Art” at mapapansing ito ay mayroong butò, (b) Bulul mula sa Poitan, (c) Bulul na nasusuotan ng bracelet at sinasabing ginamit sa isang seremonya, (d) Bulul mula sa Lagawe. Larawan mula sa Tribal Art Asia (2021).



Larawan 10. Nakatindig na butò ng bulul. Pinaniniwalaang simbolo ng fertilidad ng mga Ifugao na natagpuan sa isang nayon sa Mayoyao. Larawan mula sa Tribal Art Asia (2021).



Larawan 11. Bulul na nasa koleksiyon ni Edd Fuentes. Mapapansin na ang ilan sa mga bulul ay may butò at ang iba ay nasa anyo o porma ng nagtatalik. Larawan mula kay Lara (2019).



Larawan 12. Buntis na bulul. Kapansin- pansin ang suso nito at kamay na nakahawak sa ilalim ng tiyan ngunit hindi natatanaw ang puki. Larawan mula sa Wandering Commuter (2008).

May inilabas ang Tribal Art Asia noong 2019 na isang pigura na hugis butò at ito ay may bungo at sinasabing “*an erect penis held between two hands*” (larawan 13). Ito raw ay isang uri ng *bulul* na binabalutan ng rattan at gumugulang noong 1880 (Tribal Art Asia 2019). Mahalagang naipasok dito ang pagsasama ng butò at bungo (ulo). Taliwas ang paniniwalang iniugnay (ng Kanluran) ang bungo sa kamatayan dahil malalim ang paniniwala ng mga Igorot ng Sagada halimbawa, tungkol sa *sangadil* o pagpapaupo ng patay sa isang upuan (tingnan Omengan 2004). Malinaw na isang kinikilik na *bulul* ang pigurang ito kung saan ang butò ay maaaring tingnan bilang isa sa mga sisidlan ng buhay. Gayundin ang halagahin ng isang bungo. Maiuugnay ito sa isang pag-aaral ni Joan Tara Reyes (2011) at nina Amtalao at Demeterio (2019) hinggil sa *bogwa* o *bone washing*.



Larawan 13. Bulul na hugis butò at may bungo. Tinatawag bilang “fetish symbol” ngunit lagpas pa rito ang pagpapahalagang Ifugao sa bungo at butò bilang simbolo ng buhay. Larawan mula sa Tribal Art Asia (2021).

Ang *bogwa* ay isang tradisyon ng sekondaryang paglilibing kaugnay ng ginhawa. Ani Reyes (2011, 238), “makikita rin ang pagpapahalagang ito sa ritwal ng pangangaway na susi sa pag-alam ng kaugnayan ng ginhawa at patay. Makikita sa mga dasal at panaghoy ng mga Ifugao ang matinding kasiyahan o kalungkutan sa tuwing may kayaw.” Kung gayon, mahalaga ang “pagdaragdag” ng kaginhawaan sa anyo ng isang pugot na ulo, lakip ng paniniwala sa dalamhati at kawalan ng kaginhawaan kapag may napugutan sa pamayanan (Reyes 2011).

Ang nasabing ulong pugot ay pabubulukin, tatanggalan ng laman at balat, upang matira lamang ang bungo. Ito ay magsisilbing mga tropeo:

Para sa mga Ifugao, ang pag-uwi ng pugot na ulo ay pag-uwi rin ng soulstuff na siyang mapupunta sa komunidad at magsasalba sa kanila mula sa gutom, peste, at iba pang mga kamalasan. Maghahatid ito ng masaganang ani, mabilis na pagdami at paglaki ng mga baboy at manok, at **madalas at malusog na panganganak ng kababaihan**. Ang mga ito ang siyang mga elemento ng maginhawang buhay ng isang Ifugao. Buhay ito na hindi nakakaranas ng gutom, kahirapan, at **nagpapatuloy ang lahi at ng bayan** (akin ang diin) (Reyes 2011, 255).

Samakatuwid, malinaw ang tambalan ng ulo/bungo at butò bilang simbolo ng buhay o panibagong buhay. Ang *bulul* na may butò at bungo ay kadalasang isinasabit ng mga *mumbaki* sa kani-kanilang dingding at tuktok ng bahay (*abong*) (Tribal Art Asia 2019). Hanggang sa ngayon, ginagamit ang mga espasyo na namamagitan sa kisame at bubong bilang lagayan ng mga *bulul* o nakabalot na bungo ng mga yumaong ninuno (Lasco 2014). Ito ay dulot ng paniniwala hinggil sa kosmolohiya, na laganap hindi lamang sa mga Pilipino ngunit sa mga Austronesyano. Ang bahay ay sumasagisag sa kosmolohiya ng *kaitaasan* (simbolo ng ibon at anomang hayop na lumilipad); *kalagitnaan* (kung saan nagtratrabaho at nagtatanim ng palay ang sangkatauhan), at *kailaliman* (na simbolo kadalasan ng sawa at buwaya) (Lasco 2014). Kaya ito rin ang posibleng dahilan kung bakit minsan ang isang *bulul* ng Ifugao na may butò ay may nakapatong na ibon sa ulo o nakaugnay sa ibon (larawan 14).⁹ May bersiyon din silang *bulul* na tila nakayakap sa butò (larawan 15). Ngunit sa aking pagbasa, ito ay isang pagkilik na nakaugnay sa usapin ng agrikultura at bigas. May kamukha ito sa lipunang Balinese, isang katutubong grupo sa Indonesia na kapwa may pagpapahalaga sa fertilidad at agrikultura. Nang ako ay magtungo sa Bali Museum, napansin ko ang isang *cili* na tila niyayakap at/o kinikilik ang kaniyang butò (larawan 16).¹⁰ Ang *bulul* ng Pilipinas at *cili* ng Bali ay kapwa anito ng bigas.



Larawan 14. Bulul ng Ifugao na may ibon sa ulo; itinuturing na simbolo ng buhay. Larawan mula kay Salazar (2013).



Larawan 15. Bulul na nakayakap sa butò. Sa pagsusuri, mas kinikilik nito ang kaniyang butò na may malalim na ugnayan sa agrikultura. Larawan mula kay Didy (2009).



Larawan 16. Cili na kinikilik ang butò. Kuhang larawan sa Bali Museum. Ang cili ay nakaugnay sa agrikultura ng lipunang Balinese. Kuha ng may-akda.

Sa kasalukuyan, isa ang *bulul* at karamihan ay may mga butò ang umiikot sa merkado (Lara 2019). Isang halimbawa ang *bulul* na may butò na nasa kamay ng German Private Collection (larawan 17) na sumukat ng 60x15x15 sentimetro at pinaniniwalaang ginawa pa noong dantaon 20 (Dorotheum 2017). Ito ay nagkakahalaga ng 1,625 Euro o 1,800 US Dollar (Dorotheum 2017) at kasalukuyang nasa Palais Dorotheum, Vienna. Hindi ito ikinalulugod ng mga Kankanaey na naniniwalang maraming *bulul* ang nakalabas sa bansa at sinasabing naibebenta pa hanggang 25 milyong piso. Matagal ko nang sinuri at pinuna sa naunang pag-aaral (Tugano 2022; Tugano 2026a) ang potensiyal na pagnanakaw at pagbebenta sa mga katutubong kagamitan sa labas ng Pilipinas.¹¹ Isang magandang halimbawa rito ang isang *bulul* na nakita ko mismong nasa akwisisyon ng Louvre Museum sa Paris, France (larawan 18) na bagama't hindi sinasabing “puslit,” kataka-takang naroon ito at kinakitaan pa ng mga *erroneous information* (Tugano 2026a).¹²



Larawan 17. Bulul na may butò na ibinibenta sa Europa. Isa sa mga artifakt na may kaduda-dudang mode of acquisition. Ibinebenta sa Europa sa halagang 1,625 Euro. Larawan mula sa Dorotheum (2017).



Larawan 18. Bulul ng Ifugao sa Louvre Museum sa Paris. Kabilang ang bulul na ito sa mga iniingatang artifakt sa Louvre Museum. Larawan ng may-akda.

Sa isang aklat naman ni Nicolas Pichay (2007) na *Psychedelia Apocalypse* at *Iba pang Dula* na binigyang introduksiyon ni Bienvenido Lumbera, mapapansin ang isang larawan ng *bulul* na animo ay may malaki at matabang butò (larawan 19).¹³ Sa aking panayam kay Pichay (2023), sinabi niyang malaki ang kinalaman ng *bulul* na may butò sa daloy ng aklat:

May saysay ang cover sa lahat ng mga dula na nabanggit. Sinisimbolo ng *bulul* ang pang-uusig ng mga Amerikano sa mga katutubo. Kasama dito ang ideya na maganda ang maputi kaysa sa maitim. Gayundin, simbolo din ng patriarchal/macho na pag-iisip ang *bulul* (Pichay, personal communication, 2023).



Larawan 19. Bulul na may butò sa aklat ni Nicolas Pichay na aniya ay simbolo ng pag-uusig ng mga Amerikano. Larawan mula kay Pichay (2007).

Bagaman hindi maaaring pigilan ang mga manunulat sa paggamit ng mga imaheng kultural sa kanilang panulat, ang paggamit ni Pichay sa imahe ng *bulul* upang ipahayag ang mga kaluhugang kaniyang nabanggit ay maaaring ipagpalagay na appropriation ng materyal na kultura para sa sariling layunin ng may akda. Ang kaniyang paggamit ng *bulul* bilang porma ng batikos sa kalakarang Amerikano ay may karampatang layunin ngunit kaiba ito sa pagpapakahulugan ng mga katutubo kung kanino nagmula ang tradisyon. Ipinapakita nito na may mga *bulul* na may butò ang nabigyan ng mga kahulugan (ng tagalabas o Kanluran) na taliwas sa mismong pagpapakahulugan ng mga Pilipino at mga taga-Kordilyera. Isang halimbawa rito ang mga babanggiting likhang-sining sa susunod na bahagi. Kung para sa ibang pananaw, posibleng halimbawa ng *commercialized phallus* ang mga *bulul* na may butò, ngunit kung tutuosin, posible ring sabihin na kalikasan ng mga katutubong Pilipino ang maglagay ng butò sa kanilang mga anito at diyos-diyosan bilang bahagi ng dinamikong kultural.

Kaugnay ng *bulul* at iba pang anito ang pagpapakilala halimbawa sa Santo Niño ng mga Español bilang kapalit nito (La Maria 2013). Isa ang Santo Niño sa mga posibleng ebidensiyang pag-aangkin ng mga Pilipino sa pananampalatayang Kristiyano-Katoliko na nauwi sa paghuhubad at pagmomodipika ng butò. Komprehensibo ang paliwanag ni Julius Bautista (2010) sa kaniyang akda na *Figuring Catholicism: An Ethnohistory of the Santo Niño de Cebu* sa simbolismo ng rebulto habang nakasunod sa balangkas ng singkretismo ng dalawang paniniwala. Nang ipakilala ng mga Español ang Katolisismo sa Pilipinas, isa ang Santo Niño sa ipinamayani sa mga katutubong Cebuano. Batay sa *Conquistas de las Islas Filipinas* (1565-1615) ni Gaspar de San Agustin (1698) ang mismong Santo Niño na ibinigay ni Ferdinand Magellan sa mga katutubo ay inilulublob sa karagatan tuwing tagtuyot. Ito ay sa paniniwalang makapagbibigay ng ulan at ito rin ay masasalamain sa *Sto. Niño Gozos* o himnong dasal na makikita sa mga nobena hanggang 1888 (Clark 2016). Ang pag-aangking ito sa Santo Niño ay nauwi sa paglitaw ng *Santonilyo Agipo* na maituturo sa nalalabing paniniwala ukol sa diwata ng karagatan na kailangang dasalan at pag-alayan.

Ngunit ano ang kaugnayan ng Santo Niñong inilulublob sa karagatan at sa butò? Dahil katulad din ito ng presensiya ng *Baliw-Baliw* o *Pabaliw* sa Olango, Cebu na may pagtatangi sa mga *fluvial parade*. Bagaman selebrasyon ito para kay San Vicente Ferrer, nilahokan na ito ng mga ritwal na ipinapakita ang butò (Tugano 2025a). Ang nililok na butò sa Olango ay sagisag ng pangingisda at fertilidad (Limpag 2023). Ang *Santonilyo Agipo* ay naging mahikal sapagkat sa pagiging simpleng kahoy (na naging banal) ay nakatulong ito sa mga Cebuano upang makahuli ng mga isda (Clark 2016). Kung palasak para sa mga Cebuano ang pananangkapan dito para sa kabuhayan, higit marahil sa fertilidad din. Samakatuwid, kung nailublob ang Santo Niño sa tubig,

tahasan kong sasabihin na siya ay hinubaran din at minodipikahan ng isang butò.



Larawan 20. Santo Niñong Hubad.
Larawan mula kay Clark (2018).

Ito na marahil ang dahilan kung bakit lumitaw ang tinatawag na Santo Niñong Hubad (larawan 20) na bagaman ay hindi matitiyak ang pinagmulang petsa o lugar, litaw naman ang pagkakaroon nito ng butò. Ayon kay Clark (2018), maihahanay ito bilang isang anting-anting na pinaniniwalaang *charm* o gayuma sa mga nais magkaroon ng katipan at sa fertilidad. Ang nagkakaugnay na simbolismo ng *bulul* na anito ng agrikultura at mga sinaunang anito na ginawang Katoliko—ang anito ng Olango (na naging San Vicente Ferrer) (tingnan Olofson 1995, 2002, 2008) at *Sto. Niño Gozos* na pawang nakaugnay sa pangingisda ay larawan lamang ng mayamang paniniwala ng katutubo sa kambal na ugnayan ng kabuhayan at fertilidad.

Butò ng Agrikultura tungo sa “Modernong Commercialized Phallus”

Sinadya ang pagkakahating ito mula sa mga agrikultural na anitong nagpakita at sumagisag sa butò dahil ang mga naunang nabanggit ay mapaninindigang nakaugnay sa mga katutubong paniniwala ng Kordilyera. Hudyat ito ng pagkakapasok ng komersiyalisasyon sa mga katutubong sining na katulad ng binanggit ni Buenafe (2012) ay malaki ang kinalaman sa kaisipang kolonyal kung bakit nabago at nakalikha ng panibagong simbolo ang mga katutubo. Gayundin ang argumento

nina Alvear at Longid (2019) na sumandig sa “solusyon” ng kahirapan ng ilang katutubo kung bakit pinasok ang nasabing industriya.

Hindi kalabisang ipanukala na ang ilan sa produktong kilala natin sa ngayon, na nagpapakita ng butò, ay posibleng isang paraan ng pag-angkop ng katutubo sa pangangailangan ng panahon at higit sa lahat sa kanilang kabuhayan. Tingnan bilang halimbawa ang konsepto ng *linga/lingam* sa historisasyon ng *commercialized phallus*. Malinaw na ang ipinagpalagay ng nakararami, ang tinurang “erotikong” *linga-yoni* ay hindi lamang anatomikal ngunit isang metapisikal at simbolikal na konsepto (Tugano at Victoria 2026) sa paniniwalang Hinduismo-Buddhismong lipunan katulad ng Thailand, Cambodia, at iba pa at gayundin ang mga *phallic festival* kaugnay ng Shintoismong Japan. Ngunit, kalaunan ay magiging komersiyalisado dahil sa malaking bahagi nito ay nailagay na sa antas ng lokal at pandaigdigang turismo—halimbawa sa mga parada, mascot, keychain, wall painting, bukod sa iba pa.

Sa kaso naman ng Kordilyera, kilala ito sa industriya ng paglililok na kahoy, lalo na sa Mountain Province, Ifugao, at Baguio. Kaya ang huli ay itinanghal bilang “*Creative City of Crafts and Folk Arts*” at nagdala sa lungsod upang mapabilang sa *Creative Cities Network of the United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization* (UNESCO) noong Oktubre 31, 2017 (de Guia 2022). Ang karangalang ito ay masasalamain sa kaliwat-kanang paglililok ng mga *bulul*, kasangkapan, at *abong* o replika ng tahanan ng Igorot. Lakip din ang iba pang tradisyonal na instrumento at mahahalagang materyal na kultura katulad ng *hagabi* na ginagamit ng mga *cadangyan*, *ginutto*, at *punam-han* (Alvear at Longid 2019).¹⁴

Ayon kay Jack Medrana (2013), sa tinuran niyang *selling Banaue* ng Ifugao, nilayon ng mga taga-Ifugao na itampok ang kanilang mga produkto. Kahit maging ang mga hindi taal sa kalinangang Igorot katulad ng *smiling sun*, maskara ng dragon, Mickey Mouse, nakatawang Buddha, *barrel man*, at *fertility doll* ng mga pangkat-etnikong Asante sa Ghana ay kanila na ring nilililok (Medrana 2013). Ang banggit na ito ni Medrana (2013) ay makapagsusug sa aking hinuhang umangkop ang mga katutubo sa pangangailangan ng taga-labas. Ito rin ang dahilan kung bakit bahagyang lumawak ang imahen ng isang *bulul*. Bagaman ay nilalantad na rin talaga ang butò nito sa kapakinabangang agrikultural at fertilidad, mula pa sa sinaunang panahon, mapapansing nakalikha na rin ito sa kasalukuyan ng samot-saring depiksiyon. Nariyang makikita ang mga *bulul* na tila nagsasagawa ng tsupâ (*oral sex*) (larawan 21) at *bulul* na tila sinasalsal ang kaniyang butò (larawan 22). Para sa mga taga-labas, posibleng makita ito bilang anyo ng “kalaswaan” o *sexual exhibitionism* na inilakip bilang paraan ng “pagpukaw” ng atensiyon para sa layuning komersyal. Ngunit ayon sa pag-aaral na “Ang Tsupâ sa Kultura at Lipunang Pilipino” (Tugano 2026b), ito ay higit pa sa

pagiging gawaing seksuwal. Sa sinaunang panahon, ayon sa anyo ng mga kagamitan at etnograpiya, isa itong paraan ng sagradong ritwal na karaniwang mababakas sa lipunang Austronesyano. Diakroniko ring sinuri ang *tsupâ* sa antas ng lingguwistika, kolonyalismo, at hanggang sa modernong panahon (Tugano 2026b). Sa katunayan, ayon sa antropolohikal na pag-aaral ni Michael Tan (2005-2008), sinasabing sa Baguio City unang lumitaw ang salitang *chupit* o dalawang pinagsamang salita o portmanteau para sa *tsupâ* at gupit na ang ibig sabihin ay “pagpapagupit kapalit ng *tsupâ*” (Tan 2005-2008, 37).



Larawan 21. Bulul na tila nasa posisyon ng *tsupâ* (oral sex). Tinitingnan bilang halimbawa ng nilikhang konsepto para sa bulul sa kasalukuyang panahon. Larawan mula sa Wandering Commuter (2008).



Larawan 22. Bulul na tila nasa posisyon ng pagsasalsal. Tinitingnan bilang halimbawa ng nilikhang konsepto para sa bulul sa kasalukuyang panahon. Larawan mula sa Wandering Commuter (2008).

Mapaninindigang ang mga *sexual act* ng *bulul* ay lumabas lamang sa panahon kung kailan naging komersiyalisado ang likhang-sining kung saan ang pangunahing tagapagtangkilik sa katutubong likha ay mga taong labas (*i.e.* turista). Upang patunayan ang hinahaing argumento, maipakikita sa susunod na bahagi ang ilang likhang sining na nagpakita ng butò na posibleng maituro sa paniniwala at pagpapahalagang kolonyal at moderno.

Butò at Bariles sa Konteksto ng *Barrel Man*

Mapapansing hinanay ni Medrana (2013) ang “*man with big penis covered by barrel*” sa mga hindi taal na produkto sa Ifugao (Medrana 2013, 39). Batay sa salaysay ni Anabel Solano (sinipi sa Yma 2021), *Municipal Tourism Officer* ng Tuba, Benguet, ang mga *munpaot* o *woodcarver* na mula sa Ifugao ay lumipat at nagkanlong sa Asin Road, ang sentro ng industriya.¹⁵ Dito nabuo ang “Ifugao Woodcarver’s Village” na naging sentro ng turismo (Alvear at Longid 2019). Kaya sila ang mga itinuturong unang lumilok ng *barrel man* (Yma 2021). May paniniwalang ang *barrel man* ay bunga ng pagtugon sa impluwensiyang Kanluran na dumating sa hilagang Pilipinas.



Larawan 23. Barrel man na may nakatindig na butò. Nililok na produkto ng mga Igorot kung saan ipinapakitang may butò ang antropomorphikong pigurin. Gayunpaman, sinasabing hindi taal sa kulturang Igorot ang paggamit ng bariles. Larawan mula kay Clark (2018).

Ang *barrel man* (larawan 23) ay isang inukit na antropomorphikong kahoy na kadalasang gawa sa puno ng mahogany (Yma 2021) at nakasilid sa isang bariles. Kapag aalisin o hahatakin paitaas ang bariles, mailalantad ang nakatindig na butò ng isang lalaki (na kadalasang ipinagpapalagay na isang Igorot) (Clark 2018). Si Jularbal din ang nagpanukala na produkto ng kaisipang Kanluran ang ideya ng *barrel man*:

Jularbal, asserts that the barrel man is a by-product of Westernization. He points out that prior to the arrival of foreigners in the Cordilleras, **indigenous people freely roamed around with little to no clothing with no shame**. Jularbal says that the barrel element was an influence from the Americans; with the concept of 'a man in a barrel' denoting poverty or socio-economic failure (akin ang diin) (Sight Sounds Cagayan de Oro 2022, para. 1).

Una, hindi taal ang bariles sa Kordilyera at maging sa Pilipinas. Ayon sa mga talang historikal, bagama't gumamit nito ang mga sinaunang Ehipto, maituturo sa sinaunang Celtic sa Europa ang unang luminang ng bariles na gawa sa kahoy. Ayon kay Kenneth Kilby (1971), ang bariles o *cooper* ay ginamit na sa paggawa at pagkain mula pa noong Imperyong Romano hanggang sa kasalukuyan (Kilby 1971). Kinalaunan, inampon ng mga Amerikano noong dantaon 19 ang paggamit ng bariles bilang lalagyan at panukat. Sa Titusville, Pennsylvania, ginamit noong 1886 ang *barrel* bilang katumbas ng 42 galong langis (Wells at Wells 2006). Samakatuwid, sa panahong nakilala ng mga Amerikano ang bariles ay panahon din ng kanilang kolonisasyon sa Pilipinas.

Dagdag pa ni Jularbal, walang konsepto ng bariles ang mga Igorot; hindi ito nililinig at hindi rin nila ito ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Hindi rin ito gagawing panakip o pantabing sa kanilang mga butò dahil sa kanilang katutubong komunidad, wala namang kamalisosohan ang kahubaran (Yma 2021).

Isa pang patunay na mula sa mga Amerikano ang ideya ng *barrel man* ay ang naging pag-aaral ni Sigel (2016) na "Handmade and Homemade: Vernacular Expressions of American Sexual History." Laganap noong dantaon 19 sa mga Amerikano ang tinawag na *pornographic artifacts* na karaniwang maliliit na pigura at ang tanging layunin ay mang-sorpresa (Sigel 2016) o manggulat. Ito ay sinipi ni Sigel (2016) mula sa Kinsey Institute ng Estados Unidos noong dantaon 19, na lumilikha ang mga Amerikano ng isang *barrel man* na may nakakubling butò:

Another carved wooden object features a man in a barrel. When the barrel is lifted, the man's erect penis pops up. Created from three separate pieces

of wood, the small artifact has been carved, joined, painted, and then colored with marker (Sigel 2016, 452).

Madalas ding nakikita ang mga bariles sa mga Amerikano bilang simbolo ng paglalasing dahil ito ang lagakan ng kanilang mga alak o serbesa. At kung usapin naman ng lagakan ng alak, hindi rin gumamit ng bariles ang mga Igorot. Ayon kay Zeus Salazar (2020), *tapayan* ang isang representasyon na ginagamit sa pagbuburo (*fermenting*) ng tapay, tapuy, o tapey, isang nabuong alak mula sa bigas at pinaghalo-halong pampaalsa o lebadura (Salazar 2020) na kalimitang ginagawa sa Mountain Province, Benguet, at Ifugao (tingnan Sacla 1987). Kung hindi man, batay sa aking palagay, ang bariles ay isang lagakan ng yaman. Isang halimbawa ang representasyon ng bariles na inilabas sa *Brooklyn Last Edition* (1893) kung saan ginawang tuntungan o patungan ang bariles (larawan 24) habang nag-iisip o pinagpaplanohan ang aneksasyon ng Estados Unidos sa mga bibitawang kolonya ng España (Escalante 2007). Dagdag pa dito, ang langis [na nasa bariles] ang pangunahing ikinabubuhay ng Estados Unidos sa kanilang sariling lupain noong dantaon 19 (Wells at Wells 2006). Nakaugnay din ang bariles sa *pork barrel* na kuhanan ng pondo ng gobyerno para sa mga kuwestiyonableng proyekto. Ang *pork barrel* ay lumitaw din bilang konseptong Amerikano noon ding dantaon 19 (The Investopedia Team 2023).¹⁶ Matatandaan ding ang konsepto ng *pork barrel* sa Pilipinas ay nasangkot sa mga isyu ng katiwalian. Samakatuwid, hindi talaga ito dapat idikit sa paniniwalang taal ng mga Igorot.



Larawan 24. Simbolismo ng bariles para sa mga Amerikano. (a) Pinamagatang “SeeSaw” kung saan ang bariles ay sumasagisag sa asukal na produkto ng kolonyang Hawai’i at (b) 1917 cartoon na lumabas sa New York World. Mga Larawan mula sa The Brooklyn World (1893) at New York World (1917).

Kung nailalagay sa kayamanan ang simbolo ng bariles, ito rin ay maaaring ilapat sa kahirapan. Ayon muli kay Jularbal (sinipi sa Lazatin 2019, para. 3), “*the image of a man in a barrel was one that denotes poverty or socioeconomic failure, and that was what inspired the concept.*” Laganap ang pagpapakahulugang ito sa Kanluran. Sa katunayan, batay sa pag-aaral ni de Pina-Cabral (1993) na “*Tamed Violence: Genital Symbolism in Portuguese Popular Culture,*” sa kontekstong Portuges, ang lalaking nasa loob ng bariles ay sumisimbolo sa kahirapan o pagiging dukha. May bersiyon ang mga Portuges ukol sa *manguito* (larawan 25). Si Zé Povinho, karakter na nilikha noong 1875 ni Rafael Bordalo Pinheiro ay simbolo ng mga uring manggagawa at kahirapan ng buhay ng mga Portuges (Pina-Cabral 1993).



Larawan 25. Manguito sa bariles. Ang kaniyang kamao ay nasa simbolismo ng butò bilang imposing phallus. Larawan mula kay Pina-Cabral (1993).

Kadalasan itong nakatago sa bariles na nasa posisyon ng *defecation* o *arm gesture* bilang simbolo ng butò (Pina-Cabral 1993). Kaiba ng *barrel man*, ang *manguito* sa bariles ay hindi direktang nagpapakita ng butò ngunit isang *imposing phallus*:

...in these figurines, the penis is used not for the purpose of exposure—for indeed, whatever exposure there is very limited but of imposition. Furthermore, the act is violent and self-righteous on the part of the performer, so the imposition of the phallus is here a corrective procedure—as indeed seems quite justified considering the situations implied: in the male case, someone who asks a poor man to sell his goods on credit (Pina-Cabral 1993, 113).

Hindi rin malisyoso sa pangangatawan o pananamit ang mga Igorot kung bakit hindi nila kailangan ang bariles upang takpan ang kanilang mga butò. Tanging mga Amerikano lamang ang nagkaroon ng malawakang pagpapabago rito (tingnan Coo 2014; Jose 2021) at siyempre, ang *exotification* sa mga nakabuhad (Torres 2006, 2014; Fernandez 2015, 2023).¹⁷ Kung gayon, ang isa pang posibleng kahulugan ng bariles ay isang damit. Isang bariles na anyong damit na naging kasangkapan upang takpan ang kahubaran ng butò.

Maiuugnay din ang *barrel man* bilang protesta ng mga katutubo sa mga Amerikano. May naging pag-aaral si Kidlat Tahimik noong dekada 1990 (sinipi sa Sight Sounds Cagayan de Oro 2022) na ang *barrel man* ay nilikha ng mga katutubo bilang pagkondena sa mga Amerikanong nagpalayas sa mga Ibaloy sa sariling mga lupain. Ani Tahimik, “*living barrel man as a social commentary to advance a message that colonizers corrupted the native sensibility*” (Sight Sounds Cagayan de Oro 2022, para. 1). Tanyag si Tahimik sa mga anti-Amerikano o kung hindi man, ay dekolonyal na pagkilos na masasalamín sa kaniyang mga akda at kritikal na obra (tingnan Campos 2015). May pagkakataon sa kasaysayan ng Kordilyera na dumaan ito sa pagpapalano at pagbabagong urban na tinutulan ng ilang katutubo.¹⁸ Ang ganitong pagtutol ng mga katutubo ay mababakas sa isang paliwanag na mababasa sa Vincent’s Place, isang nagsarang kainan sa Loakan Road sa Baguio (sinipi sa Yma 2021):

Barrel Man: The original barrel man was a protest statement of sorts. In fact, contrary to popular belief, the Ifugao woodcarvers created it not to make fun of themselves. Rather, the barrel man was made to play a prank on **Americans who made Baguio City their alternative government center and retreat beginning in the 1900s, and in so doing displaced the Ibalois who originally lived in the area** (akin ang diin) (Yma 2021, para. 1).

Maaaring ipanukala na mailalapat ang butò ng *barrel man* sa konteksto ng kayamanan at kahirapan. Naging mayaman ang mga Amerikano dahil sa proyektong ito sa unang banda samantalang naghirap (napalayas) naman ang mga katutubo sa kabilang dako. Sa kasalukuyan, laganap pa rin ang paggawa ng mga *barrel man* ngunit bahagyang humina ang industriya nito lalo na sa mga mano-manong paglililok ng mga katutubo sapagkat lumitaw ang isang makinaryang nakapagpapakinis at mabilisang nakagagawa ng produkto (Lazatin 2019). Sa madaling salita, pumasok sa katutubong industriya ang komersiyalisasyon at kagyat inagaw ito sa mga tradisyonal na gawaing-kamay ng mga *munpaot*.¹⁹

Suso [at Puki] ng *Barrel Woman*

Sa ngayon, may itinatapat na produkto sa *barrel man*. Ito ang *barrel woman* (larawan 26) kung saan makikitang nakatago ang dalawang nakatindig na suso sa loob ng bariles. Malamang mayroon itong puki sapagkat nakahubad ang *barrel woman*. Bagaman tila lumalabas na may layuning paigtingin ang pagiging pantay sa kasarian, labas pa rin sa kontekstong katutubo ang *barrel woman* tulad ng *barrel man* sapagkat nilikha ito upang sorpresahin at patawanin ang mga banyagang mamimili tulad ng mga Amerikano (Anarka Akaza 2018).



Larawan 26. Babaeng nasa loob ng bariles na may nakatindig na suso. Larawan mula sa Historia Handicrafts (2023).

Kung gagamitin ang pananaw ng Kordilyera sa kahubaran ng kababaihan, malawak at malalim ang somatikong pagpapakahulugan dito. Tingnan bilang halimbawa ang naging obserbasyon ni June Prill-Brett sa Bontoc noong 1968 hanggang 1970 na aniya, walang konsepto ng *rape* sa nasabing kultura (Prill-Brett 2004) na siyang binigyang-buhay sa pelikulang *Walang Rape sa Bontoc* (Ocampo at Valle 2014). Sa mga naging rebyu nina Santos (2021) at Labayne (2025), sinipi na sa tuwing nagkakaroon ng digmaan, itinataas ng kababaihan ang mga balabal at damit pang-ibaba upang ipasilip sa mga lalaking mandirigma ang kanilang puki. Bawal itong makita ng kalalakihan sa paniniwalang titigil ang daloy ng mundo, sapagkat sa puki nagmula ang buhay ng tao (Santos 2021). Samakatuwid, ang puki para sa kababaihang Bontoc ay makapangyarihang pinagmumulan ng buhay at proteksiyon (Labayne 2025).

Hindi na bago ang ganitong paghuhubad ng kababaihang Bontoc. Una na itong nagawa nang tutulan nila ang proyekto sa Ilog Chico noong panahon ng Batas Militar. Noong 1962, sa pangunguna ng National Power Corporation (NPC), binuo ang Chico River Basin Development Project (CRBDP) upang magkaroon ng dam sa Kordilyera. Noong 1974, tinutulan ito ng kababaihang Bontoc na pawang mga nakahubad at nakikita ang suso, bilang bahagi ng kanilang pagtutol sa ahensiyang pangkaunlaran at puwersang militar sa kanilang komunidad (Javar 2023).

Nakitang malalim ang pagpapakahulugan ng puki at suso sa kontekstong ito. Bagaman nakakatawa marahil para sa mga Amerikano ang *barrel man* o *barrel woman* dulot ng kanilang kasanayan sa mga *pornographic artifacts* (Sigel 2016), maaaring ikiling ang pagsusuri sa pananaw ng mga Pilipino-katutubo na ito ay mga simbolo ng pagtutol na idinaan lamang sa nakasosorpresang butò at suso. Samakatuwid, sa likod ng mga *commercialized phallus* (o *commercialized breast* at *commercialized vagina*), maaaring palitawin ang diskurso sa mas kultural na pagsusuri.

Butò sa *Ashtray*

Maliban sa *barrel man*, naipasok din sa komersiyalisasyon ang nililok na *ashtray*, katabi ang nakatindig na butò (larawan 27). Sa kinagisnang pinagmulan at kasaysayan, ito raw ay diumano isang katutubong paniniwala na madalas iniuugnay sa fertilidad:

There are original Igorot carved wooden penis fertility totem carved into functional wooden ash trays. In ancient times, such totems were used by the mountain people to entreat the Gods on behalf of the impotent or infertile. The tradition continues to the modern day and has taken a practical touch with the addition of the ashtray element (Sight Sounds Cagayan de Oro 2022, para. 2).



Larawan 27. Abuhang butò. Karaniwang ibinibenta sa rehiyong Kordilyera bilang taktakan o lagayan ng upos ng sigarilyo. Larawan mula kay Shewsbury (2010).

Sa Baguio City, laganap ang pagbebenta ng mga *ashtray* na hulma ng isang butò. May ilang pagkakataon pa ngang sa halip na tawagin bilang “City of Pines” ang lungsod, ito ay binansagang “City of Penis” (Arti Arti 2011). Unibersal ang kahulugan ng mga *ashtray* na hugis butò sa lipunang Kordilyera. Ito ay kongklusibong ikinahon bilang simbolo ng kalakasan at kapangyarihan:

The bird ashtrays and keychains have a more universal meaning. The phallus has always been used to symbolize strength and power. On the other hand, nudity, in a strict artistic sense, is a depiction of purity and innocence. Statues of Greek and Roman gods in all their naked glory are displayed all across the globe, and they are accepted as they are. In pre-colonial Cordillera, the Igorots practiced animism and they worshipped deities whom they believed were in control of different aspects of their environment, like agriculture and fertility. It is in this context that the existence of the penis ashtrays and key chains has to be seen (Arti Arti 2011, para. 6).

Gayunpaman, ang dalawang pahayag ukol sa katutubong pag-uugat sa *ashtray* na may butò ay kailangang mabigyan ng kaunting pagdududa. Mayroon akong hinuha na hindi taal sa katutubong Kordilyera ang *ashtray* o kahit pa ang mismong *ashtray* na may butò (larawan 28). Dahil sa kabuoan, hindi pinaglaanan ng mga Pilipino noong sinaunang panahon ang luminang ng isang sisidlang ilalaan lamang para sa abo ng sigarilyo. Isa pa, sa pagpasok lamang ng dantaon 20 tuluyang magiging laganap ang paggamit ng *ashtray* sa ilang lipunan. Ayon sa pag-aaral ni Proctor (2012) na *Golden Holocaust: Origins of the Cigarette Catastrophe and the Case for Abolition*, hindi karaniwang ginagamit ang salitang *ashtray* hanggang 1926 (Proctor 2012).²⁰ Kaya papaanong ginamit ng mga katutubo ang *ashtray* na may butò sa usapin ng fertilidad gayong hindi pa ito laganap sa kolonyal na Pilipinas?



Larawan 28. Abuhang butò bilang pasalubong. Karaniwan itong ibinibenta sa mga souvenir shop bilang pasalubong at pangregalo. Larawan mula sa MNL Lifestyle Chronicle (2011).

Ang pagpapatotoong ito ay maiuugat din sa arkeolohikal na pag-aaral ni Stark (1991) na “Ceramic Change in Ethnoarchaeological Perspective: A Kalinga Case Study.” Aniya, ang *ashtray* ay isang *non-traditional form* o hindi taal na produkto sa mga Kalinga. Samakatuwid, ito ay isang *ay-ayam* o laruan na ginagamit lamang bilang pasalubong at regalo. “*Ashtrays are not a part of traditional Kalinga material culture*” (Stark 1991, 206). Katulad ito ng mga nilikhang alkansiya na hugis-usa, baboy, o kambing, mga *flower base*, at iba pang produktong namana mula sa Baguio at Lubuagan (Stark 1991). Komersiyalisado ang paggawa sa mga *ashtray* at mga kaugnay na produkto nang sa gayon ay maibenta ito sa Balbalan at Tabuk, mga lugar na sagana naman sa bigas at pera (Stark 1991). Mula sa kontekstong ito, posibleng mailapat sa *ashtray* na may butò; ito ay isang materyal na ginamit lamang bilang pasalubong at regalo.

Isa pang posibleng dahilan na hindi nagmula sa Kordilyera ang *ashtray* ay ang hindi rin pagiging taal sa mga katutubong narito ang pagbibisyo ng sigarilyo. Malawak na ang kasaysayan ng sigarilyo at paninigarilyo sa Pilipinas (Tugano 2025h). Gayunpaman, ang paninigarilyo ay ipinakilala ng mga Español noon pang dantaon 16 (Keesing 1962, 178 sinipi sa Stark 1991). Batay din sa *The Tobacco Monopoly in the Philippines* ni Ed de Jesus (1980), limitado ang kaalaman ng mga Igorot sa (noo’y lumang) Mountain Province hinggil sa paggamit o paghithit ng tabako sa pagdating ng mga Español (de Jesus 1980). Bagaman nagkaroon ng ilang pag-aalsa dulot ng pagpapatupad ng monopolyo ng tabako (Scott 1970; Adonis 2011) higit pa ring laganap at tinangkikil sa panahong iyon ang paggamit ng nganga (betel) na isa ring kaugaliang Austronesyano.²¹ Samakatuwid, nakatulong ang pag-aaral nina Proctor (2012) at Stark (1991) upang pansamantalang sabihing hindi likas sa mga Igorot ang *ashtray*. Samakatuwid, ganoon din ang mga *ashtray* na hulmang butò. Ang tanong, paano masasabi o maituturo na ang *ashtray* na may butò ay nakaugat sa kulturang labas, lalo na sa mga Amerikano? Anu-anong simbolo at kahulugan ang panandaliang maihahain para rito?

Naging mahalaga ang naging mungkahi sa akin ng isang dating kasamahang guro sa U.P. Los Baños na posibleng tingnan aniya ang *ashtray* na may butò sa konteksto ng pagtatalik—i.e. *smoking while doing sex*. Sa kasaysayan ng lipunang Amerikano sa paninigarilyo, tiningnan ang sigarilyo bilang simbolo ng kalayaan, modernidad, at pagiging sopistikado (Tate 2002). Sa pagpasok naman ng dekada 1960 hanggang 1970, itinuring ang ugnayan ng pagtatalik at sigarilyo bilang sukdulang simbolo ng pagiging malaya. Batay kay Navneet Kaur (2021), pumatok sa mga nasabing panahon, lalo na sa mga pelikulang Amerikano ang pagpapakita ng paninigarilyo pagkatapos ng pagtatalik. Larawan aniya ito ng pagiging kaakit-akit at katapangan—“*the American big screen also*

started showing smoking after sex as something that was sexy and bold” (Kaur 2021, para. 8).

Bibihirang makitang iniuugnay ng mga Pilipino ang butò sa sigarilyo; mula sa mga salaysaying bayan hanggang sa mga sinaunang kabihasan ay wala nito. Kundi, ito ay maiuugat talaga sa kaisipang banyaga. May *anti-Freudian joke* na “a cigar is sometimes just a cigar” (Elms 2001). Iniugnay ng mga Kanluraning sikolohista ang simbolismo ng butò sa sigarilyo. Ayon kay Hiller (1922) sa kaniyang “Some Remarks on Tobacco,” magkatulad ang dalawa:

Cigarettes and cigars can symbolize the penis. They are cylindrical and tubular. They have a hot, red end. They emit smoke that is fragrant (flatus = semen). **The cigar is brown and large** and so perhaps cigars are usually large... I refer to the reason, or at least one of the reasons, why people start smoking—and, of course, why they go on— that is the phallic significance of the cigarette, cigar and pipe. It is thus a substitute for the penis (mother’s breast) of which they have been deprived (castrated, weaned) (akin ang diin) (Hiller 1922, 475, 477, 480).

Pinalitaw dito ang pagiging kayumanggi at malaki ng sigarilyo na katulad ng isang butòng nakatindig na masasalamin sa *commercialized ashtray* ng Kordilyera. Katulad ito ng pagbasa ni Shewsbury (2010) sa *ashtray* na butò. Aniya, kung bakit nakatindig ang butò sa *ashtray* ay upang ipaalala na ang paninigarilyo ay dahilan ng hindi pagtigas ng butò (*erectile dysfunction*) (Shewsbury 2010). Kaya sa tuwing naninigarilyo ang isang lalaki at habang itinataktak nito ang abo sa *ashtray* na butò, pinapaalala nito ang posibilidad na isang araw, ang kaniyang sariling butò ay posibleng hindi na magiging katulad ng nasa *ashtray* na butò.

Mula sa paliwanag na ito, mapaninindigang ang *ashtray* na butò ay posibleng nilikha lamang ng mga katutubo para sa kagustuhan, kahilingan, o kinomisyonang produkto ng mga Amerikano. Katulad ito ng kanilang ipinagawang *barrel man* na labas sa konteksto ng mga Igorot. Sa ngayon, bagaman hindi pa natutukoy ang eksaktong taon o panahon kung kailan unang nilinang ang mga *ashtray* na butò, maaaring ikonsidera ang mga posibilidad na aking inilagay sa bahaging ito.

Butò sa Keychain

Isa pa sa aking pinagdudahang nakaugnay sa “taal na katutubong paniniwala” ay ang mga *keychain* na nasa anyo ng mga butò (larawan 29). Samakatuwid, katulad ng *barrel man* at *ashtray*, ang mga *keychain* ay isa ring halimbawa ng *commercialized phallus*. Kadalasan makikitang ibinebenta sa mga *souvenir shop* ang mga *keychain* bilang

regalo at pasalubong. Ito ay ibinebenta sa halagang sampung piso (Lirios 2018). Kung babalikan sa itaas ang binanggit ng Arti Arti (2021, para. 6) na “*the bird ashtrays and keychains have a more universal meaning*,” malinaw ang pagkakaugnay nito sa mga *keychain* bilang kasangkapan sa “animismong paniniwala ukol sa fertilidad at pagkalalaki.” Mapaninindigang higit na gumamit ang mga katutubo ng antropomorphikong larawan ng mga *bulul* bilang manipestasyon ng fertilidad kompara sa mga *keychain* na makikita sa kasalukuyang panahon. Sa katunayan, malawak ang pag-uugnay ni Lasco (2014) na ang mga sukbiting katulad ng anting-anting at agimat ay laganap sa mga Austronesyano (Lasco 2014). At hindi lamang simple at literal na sukbiting isinasabit sa leeg ang kahulugan ng anting-anting, ngunit maging sa iba pang mahahalagang bagay:

Dahil sa palipat-lipat na tirahan ng maraming komunidad noong Dating Panahon (**lalo na sa mga nakatira sa ilaya o kabundukan**) at dahil din sa oryentasyon ng iba pang ninuno natin (yaong mga nakatira sa baybay-dagat o laot) na maglakbay-dagat sa tuwi-tuwina para pa rin sa paghahanap ng ginhawa, ang pangingilin nila ay ginawa nilang maaaring dalhin kahit saan, sa madaling salita at portatil...Bunsod ng paniniwalang ito, itinuturing ng mga ninuno noong Dating Panahon (at maging hanggang sa ngayon **ng mga Igorot, Panay, Bukidnon, Moro, at Lumad**) na **pati ang mga hinabing tela, tatu, palayok, inukit na kahoy, sandata, bangka, at iba pang gamit malaki man o maliit, ay pawang nagsisilbing anting-anting din** bilang daluyan ng proteksiyon o gabay na maaari nilang makuha mula sa mga nasabing anito at mga yumaong ninuno (akin ang diin) (Lasco 2014, 145).



Larawan 29. Keychain na hugis butò. Bigay sa may-akda ni Mark Joseph Santos bilang regalo mula Sagada, Mountain Province.



Larawan 30. Palad khik sa lipunang Thai. Ilang phallickong gamit na kinuhanan sa Museum of Siam, Bangkok. Ginamit ang mga ito bilang mga anting-anting. Kuha ng may-akda.

Karamihan sa mga panahanang Kordilyera sa kabundukan ay may pag-iisa sa mga bagay na mayroong buhay (o kaluluwa) na kagyat iniuugnay sa mga anito at ninuno.²² Kaya ang pagpapakahulugan sa fertilidad ng mga katutubong ito ay hindi lamang eksklusibong maikakahon sa isang *phallic keychain*. Kung gayon, saan kadalasang naiuugnay ang mga *keychain*? Kadalasan itong makikita sa Indianikong paniniwala, katulad ng pagtatambal ng butò at dragon o butò at isda. Isang halimbawa rito ang mga *palad khik*²³ o *surrogate penis* (larawan 30) ng lipunang Thai na itinuturong nakarating sa kanilang lipunan at Timog Silangang Asya sa pamamagitan ng Cham ng sinaunang Vietnam (Tugano 2023). Sa ngayon, pansamantalang inihanay ang mga *phallic keychain* ng Kordilyera bilang isang *commercialized phallus* sa kadahilanang hindi laganap sa lipunang ito noong Dating Panahon ang paggamit dito bilang anting-anting. Hindi direktang binanggit ni Talamayan (2022) ang *phallic keychain*, ngunit mapaninindigang nilikha ito dulot ng komodipikasyon sa mga pamanang kultural:

A more obvious effect of commodification on cultural heritage is the transformation of the purpose and meanings of several symbols and material culture; for instance, the repurposing of traditional huts or production and the

purchase of [keychains] and refrigerator magnets that reappropriate sacred icons. While the symbols and images refer to or hint at their source cultures, the utility and significance of the material culture were refunctioned during commodification and consumption (akin ang diin) (Talamayan 2022, 83).

Liban sa mga *phallic keychain*, kapansin-pansin ang iba pang uri at estruktura ng mga *keychain* na nagmistulang tambalan ng araw at buwan o dalawang magkaharap na araw at/o buwan at animo ay naghuhugis ng isang puki ng babae (larawan 31). Sadya man o hindi, makahulugan ang mga simbolong ito sa lipunang Kordilyera. Ayon kay Sacla (1987), para sa mga Ibaloy ng Benguet, ang araw ay sumasagisag sa liwanag at ang buwan, kasama ng bituin ay para sa kadiliman (Sacla 1987). Mayroon silang tinatawag na *talaw* o isang panalangin sa kalangitan at talampad (*constellation*) na pinamumunuan ng mga *manbunong* (katutubong tagapagdasal). Sa apat na ritwal, kilala ang *tupo*²⁴ o isang panalangin sa kalangitan at/o kalawakan hinggil sa hiling na kaginhawaan at kalakasan ng isang pamilya (Sacla 1987) at kasama rito ang pagkakaroon ng mga anak.



Larawan 31. Tambalang araw at buwan o buwan at buwan sa hugis ng isang puki. Naniniwala akong ang sukbiting ito ay may malalim na pagpapakahulugan hinggil sa pagpapahalagang kosmolohiya ng Kordilyera. Larawan mula sa MNL Lifestyle Chronicle (2011).

Para naman sa mga Kalanguya, mahalaga ang buwan sa ritwal kaugnay ng bigas (*hanga ni pagey*) sapagkat itinataon ang pagpupunla ng binhing palay (*binantol*) tuwing kabilugan ng buwan, at sa paniniwalang ang aanihing bigas sa hinaharap ay kasinglaki ng kabilugan ng buwan (Batangan et al. 2007). Isa sa ipinakikita ng *keychain* ang potensiyal na simbolo ng pagtatagpo ng dalawang kalahating buwan (*half moon*) upang maging kabilugan. Nabanggit sa ilang bahagi ng pag-aaral na subok sa lipunang Austronesyano ang pag-uugnay sa pagtatanim at pagtatalik bilang pagsisimula ng buhay sa taniman at sa pamilya man. Mahalaga rin ang paliwanag ni Ambrosio (2010) hinggil sa paghahabulan ng araw at buwan. Aniya, marami sa mga pangkat-etniko ang naniniwalang nagsisiping ang araw at buwan—ang araw bilang Ama at buwan bilang Ina, kaya nga ang mga bituin ay itinuring na mga anak (Ambrosio 2010). Samakatuwid, mapaninindigan ding nagtatalaban ang simbolo at kahulugan ng butò at puki sa nasabing *keychain*.

Kongklusyon

Deskriptibong tinugunan ng pag-aaral na ito ang pagpupunla sa somatiko at kahubarang katawan ng Kordilyera na tumuon sa *genitalia*. May pag-aming hindi pa tiyak ang mga nailatag na pagpapalawig at pagpapalalim sa mga phallikong symbolismong nakaugnay sa kalinangan ng Kordilyera. Gayunpaman, sa sistematikong paglalata sa sangguniang nakabatay sa lingguwistika, etnograpihong pag-aaral, at arkeolohiya, nasumpungan na malawak ang diskurso ng rehiyon pagdating sa kahubaran ng *genitalia*. Sa ginabayang balangkas ni Turner (1992), umambag ang pag-aaral sa paglilalang ng usaping magbubukas sa kahubaran ng katutubo sa kabila ng palasak na paglitaw ng mga paksang may kinalaman sa representasyong nababalutan ng damit.

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga *bulul* at *tinagtago* ng Kordilyera ay kapwa mga pundamental na anito ng agrikultura na kalaunan ay naging mahalaga ang kanilang butò at/o mala-butò sa pananagisag. Sa kontekstong ito ang butò ay isang dominyo ng pagiging mala-tao at/o katulad ng isang tao. Mayoryang tinalakay sa bahaging ito ang mga *bulul* ng Kordilyera sa kadahilanang hindi lamang ito gumanap sa kaantasan ng fertilidad ngunit sa mas malawak na aspekto ng buhay ng mga pangkat-etnikong kumikilala rito. Napansin ang lahat ng ito sa iba't ibang hitsura ng *bulul*. Liban sa butò, ang *bulul* ay katulad ng mga tao—nilagyan ng suso, buntis na tiyan, at maging ng puki. Indikasyon na ang antropomorphikong larawan na ito ay sumusunod at umaayon sa katangian ng lipunang Kordilyera at sa mga pinagdaanan nito sa kasaysayan.

Pinagdudahan bagaman sa kritikal na pagsusuri ang iba pang produkto ng Kordilyera. Liban sa mga *bulul*, hindi kongklusibong

masasabi na taal sa sinaunang panahon ang mga antropomorphikong larawan katulad ng *barrel man* (o *barrel woman*); *phallic ashtray*; at mga *phallic keychain*—mga karaniwang ipinagbibili sa mga souvenir shop. Nakatulong ang mga ideya nina Buenafe (2012), Medrana (2013) at Talamayan (2018) tungkol sa usapin ng komodipikasyon ng kultura upang makabuo ng konseptong *commercialized phallus*. Isa itong malawak na usapin kung saan ang mga kinagisnang kahulugan ng mga katutubo para sa mga somatikong materyal ay nabago at umangkop sa ekonomikong pangangailangan ng lipunan. Ang *barrel man* ay tiningnan bilang isang katuwiran ng anti-Amerikanong pagtingin sa mga katutubong paniniwala sapagkat ang bariles ay labas sa lipunang katutubo. Ang bariles ay mas angkop sa kulturang Kanluran bilang simbolo ng kahirapan at kalaunan ng kayamanan na kagayt naitawid sa konotasyon ng korapsiyon. Ito rin ang kinasapitang pagsusuri para sa mga *phallic ashtray* at *phallic keychain* na mas nalalapit sa pagiging pasalubong at/o regalo kompara sa pagpaparatang na ito ay isang bagay na ginamit ng mga katutubo sa fertilidad at pagbubuo ng panibagong buhay sa matandang kabihasan. Bagaman posibleng may pagkakamali at nakaligtaan sa pagsusuring ito, nilayon lamang na itampok ang pagbibigay-halaga sa mas makatuwirang kahulugan ng katutubong paniniwala. Sa halip na iangkop na lamang ito sa paniniwalang nakaangkla sa banyagang pagpapakahulugan, itinuon ang pagsusuri sa datos mula sa iba't-ibang larangan upang makapaghain ng alternatibong pananaw na pinagyaman ng mga kaugnay na diskurso.

The Author

Axle Christien J. Tugano completed his Master's degree in Philippine Studies at the Asian Center, University of the Philippines Diliman. He previously served as a faculty member of the Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños, Laguna. He has written and/or published approximately 100 research works. His research interests encompass diaspora studies, travel writing, identity, local history, intercultural relations, and somatic culture, particularly studies concerning the genitalia. His works have been published in various local, national, and international journals. He has also presented his research at international conferences held in Portugal, France, Indonesia, and The Netherlands.

Talahuli

1. Ang artikulong ito ay hango sa ilang porsiyentong nilalaman ng aking Tesis Masterado sa MA Philippine Studies, Asian Center, University of the Philippines (UP) Diliman. Nagpapasalamat sa

aking tagapayo na si Dean Prof. Noel Christian A. Moratilla, Ph.D. Gayundin, sa mga kasapi ng panel na sina Prof. Ariel C. Lopez, Ph.D. at Prof. Maria Dulce F. Natividad, Ph.D. at ang aking reader critic na si Dean Prof. Joe B. Santarita, Ph.D.

2. Ang ritwal na *Hudas-Hudas* ay isinasagawa tuwing Sabado de Gloria sa lalawigan ng Antique. Bilang bahagi ng ritwal, lumilikha ang mga residente ng isang *effigy* ni Judas Iscariote na may nakakabit na *phallus* o pitoy na yari sa madaling masunog o sumabog na materyal. Sa kasukdulan ng seremonya, pinasasabog ang nasabing *effigy*, na sinusundan ng pag-aagawan ng mga kalahok sa pitoy bilang mahalagang bahagi ng ritwal (Cruz-Lucero 2003, 2006; tingnan din Tuazon 2023; Tugano 2024a, 69-74).
3. Kabelawan, Tuklaw-igan, Gensadan, Dakalan, Langtagan, Kamantaka, Ta-ed, Gummob, Balili, Tambingan, Nanya-a, Yang-a, Palawepeo, at Lagan.
4. May kaugnayan palagi ang mga anito ng pag-aani sa fertilidad bilang manipistasyon ng butò bagaman hindi direktang sinasabing isang butò ang mga *manaug* o *mamang* ngunit mapaninindigan na ito ay posible sapagkat magkaugnay ang mga anito (aitu) sa antas ng fertilidad o paglikha at agrikultura. Halimbawa, ang A'a (isang antropomorphallikong aitu na natagpuan sa Ra'iatea, French Polynesia noong 1821) na may butò ay nakaugnay sa fertilidad at agrikultura kaya ang larawan nito ay nailalagay pa sa katawan partikular sa dibdib—sa anyo ng mga tattoo. At karaniwan din itong sumasagisag sa araw na siya ring simbolo ng paglikha. Sa isang pag-aaral ni Salazar (2013), nabanggit niyang ang *manaug* ay may araw sa dibdib at kadalasang hinahawakan ng mga balian (babaylan) tuwing nagsasagawa ng ritwal at sumasayaw bilang pakikipag-ugnayan kay Magbabayo (Salazar 2013, 424). Si Magbabayo (kasama si Manama) ay itinuturing din bilang mga espiritung nagmamay-ari ng anihan (Yu at Catalina 2022, 6). Mayroon ding *manaug* na may araw at ito ay nasa dominyo rin ng isang balian ng Mandaya na naglalagay ng pabiting-dibdib (*breastplate*) sa panahon ng pagriritwal. Ang pabiting-dibdib na ito ay representasyon din ng araw (Salazar 2013, 424-425). Samakatuwid, ang anitong sina A'a at *manaug* ay kapwa inilalagay sa dibdib. Si A'a na ganap ang estrukturang may butò at ang *manaug* na nagmimistulang butò na kapwa naging mahalaga sa fertilidad at agrikultura. Hindi lamang sa lipunang Pilipino-Austronesyano ngunit sa maraming mitolohiya ng daigdig, ang mga Diyos ng araw ay kalimitan ding iniuugnay sa fertilidad dahil ang araw ay sumasagisag sa buhay at pag-unlad. At lahat ng ito ay kapwa naiugnay sa butò. Ang antropomorphikong pigurin na katulad ng *manaug* ay kalikasan din ng mga Subanen o Subanon ng Zamboanga. Mahalaga ang kanilang paniniwala hinggil sa kanilang mga balian na sinasabing

nakararating sa langit upang kausapin ang Diyos na si Gu-lai. Ang mundo, para sa mga Subanen ng Zamboanga ay ipinaghihiwalay ng langit at lupa kung nasaan naroon ang babaeng espiritu na si Dipuksaya (Ambrosio 2010, 64). May isa namang siniping kuwento sina Mangura et al. (1990) hinggil sa alamat ng mga Subanen sa *buklog* o isang ritwal para sa pagtawag sa Diyos. Tungkol din ito sa anak na lalaki ni Jobrael na ikinasal sa isang babae—sa tulong ni Diwata Magbabaya. Ang babaeng ito, kung gayon, ay siyang mamamahala sa mga Subanen na nag-uutos na pag-alayan ang diwata. Isa sa kaniyang mga ipinag-utos ang paglililok ng isang kahoy mula sa puno ng bayug upang gawing pangbayo (Mangura et al. 1990, 116). Ang pangbayo na iyon ay posible rin ginawang anito sa bawat lamin (altar) o isang bahagi ng tahanan ng Subanen na pinamamahayan ng mga espiritu. Ang antropomorphikong pigurin na ito ay tinawag na *manaug* na kadalasan ding makikita sa mga Menuvu (Arcilla 1971, 677) liban sa mga Mandaya at Subanen. Ito ay gawa sa nililok na kahoy mula sa puno ng yakal o narra, ngunit para sa iba, mula sa puno ng bayog (Cole 1913, 175). *Manang* ang tawag ng mga Mandaya sa babaeng anito. Matutukoy na isang babae ang lilok kung ang larawan ay mayroong suklay (National Museum of the Philippines w.tn.). Para naman sa mga Mansaka ng Davao del Norte, ang *manaug* ay domestikadong Diyos na nilililok at inilalagay sa pedestal na kung tawagin ay *parangka* (Clark 2021). Liban sa mga Mandaya at Mansaka, mahalaga rin para sa mga Subanen ang bigas, mula sa pagiging karaniwang pagkain at seremonyal na inumin (*pangasi*), isinasabit din nila ito sa kanilang bahay upang itaboy ang mga masasamang espiritu (*buyag-buyag*). Sa mga palayan, ito ay pinag-aalayan ng mga baboy na ginigilitan sa leeg sa pamamagitan ng *bangkaw* (Sali-ot et al. 2012, 41, 44, 46). Kaya ang debosyon sa *manaug* ay isa sa maituturing na magastos na ritwal (Nabayra 2014, 38). Ang dugong iniaalay din sa mga palayan ay iniinom ng mga bailan (Clark 2021). Nabanggit na ang halaga at ugnayan ng dugo at butò (Tugano 2025b, 63). Sa ibang lipunan, ang dugo ay nagmumula sa butò na siyang dumidilig sa pagkakaroon ng mais na siyang simbolo ng butò at puki (tingnan Sellen 2011). At dahil sa hindi likas ang mais sa panahanang Pilipino-Timog Silangang Asyano, bigas ang pinag-aalayan sa paraang nabanggit. Iisa ang simbolo at pagpapahalaga sa bigas at mais (Hatt 1951). At kung may anito ang mais bilang manipestasyon ng butò, mapaninindigan na ang *manaug* ay siyang maitutumbas dito. Pinag-aalayan ng dugo ang *manaug*, itinuring na anito ng fertilidad ng tao at lupa, at nagmistulang antropomorphallikong anito. Sa pag-iingat ng Pambansang Museo sa mga koleksiyon ni John Garvan sa iba't ibang *manang* na kaniyang kinolekta mula noong 1914, makikita ang pigurin ng mga Menuvu na

natagpuan sa Umayam River, Loreto, Agusan del Sur. Gayundin ang magkasamang *manang* at *manaug* ng mga Mandaya na pinaniniwalaang ginawang anito sa mga palayan; ang mga *manaug* ng mga Mandaya sa CARAGA, Davao at Dumagnon River sa Hinatuan, Surigao del Sur; at dalawang *manang* na nakuha mula sa Loreto, Agusan del Sur at Upper Salug, Davao na ginamit din bilang mga anito na naghihilom ng karamdaman at bantay din sa mga palayan.

5. Sa talahanayang sinipi ni Stephen Acabado (2013), liban sa torchag, nakapagtala siya ng 18 pang mga ritwal kaugnay ng pagtatanim—lawang, loa-ah, opdah, tinongur o boge, toong, ulpi, hagophop, alup o hanglag, lodah, topdad, pumbuto-an, hu-ap, ubaya, luat, apoy, bahle, tamol, at gito (Acabado 2013, 180).
6. Anim sa Ifugao—Bangaan, Anaba, Batad, Dukligan, Kinakin, at Nagor; dalawa sa Kalinga—Lucong at Bugnay; at isang *Dap-ay* kung saan kalimitang isinasagawa ang mahahalagang usapan ng mga matatandang katutubo (Talamayan 2022, 75-76). Ang Tamawan Village ay binuo noong 1998 sa pangunguna nina Chit Asignacion ng Chanum Foundation, National Artist Benedicto “BenCab” Cabrera, Jordan Mang-osan, Nestor Mondok, Anne Camdas-Michael, at Jackson Bryan III (Talamayan 2022, 75).
7. Pasasalamat kay Mark Joseph Santos na siyang kumuha ng larawang ito.
8. Kadalasang inilalagay ang ahas o naga bilang bahagi ng bubong ng bahay—[i.e. *panolong* sa Meranaw] sapagkat Austronesyanong paniniwala ang kosmolohiyang naglalarawan sa silong ng bahay at binabantayan ng anitong ahas (Lasco 2014, 132).
9. Ang tambalang ibon-anyong tao (bul-ul), ibon-araw, at araw-anyong tao ay simbolo ng paniniwalang Austronesyano na kung saan ang araw at ibon ay naging sentro ng relihiyon at kapaligiran (Salazar 2013, 432).
10. Ang *cili* ay kuna ng inspirasyong Balinese na inilalapat sa mga likhang sining katulad ng pagpipinta, eskulptura, at mga *handicraft*. Kalimitan itong nadidisenyohan ng mga nakangiting labi, nasusuotan ng mga *subeng* (hikaw), *badong* (mala-tigreng nilalang sa mitolohiyang Balinese), payat na mga katawan, at kadalasan ay nagtatampok ng mga *linga* o *phallus*. Ang *cili* ay kadalasang nasa anyo ng tao. Sa kosmolohiyang Hinduismo-Balinese, ang *sekala* o nakikitang mundo (*visible world*) ay kinakatawanan ng mga cili samantalang ang *niskala* o ‘di nakikitang mundo (*invisible world*) ay sumasagisag sa *linga* na isang representasyon ni Siwa (Shiva) (Brinkgreve 1997, 232–233). Mapapansin din ang *cili* ay isa ring manipestasyon ng Diyosa ng bigas (Vickers 2020, 54)—si Dewi Sri (o sa iba ay si Nyi Pohaci) na simbolo rin ng fertilidad at agrikultura. Kung minsan, ito ay ahas o naga (Monaghan 2000,

- 103). Sa nasabing museo makikita ang pagkikilik sa butò ng ilang *cili*. Ang *patung phallus statue* na gawa sa *kayu* (kahoy) ay itinuturing na *lambing kesuburan* o simbolo ng fertilidad. Gayundin ang *patung men brayut* na itinuring na *sebagai hiasan dan symbol kesuburan*. May pagtatampok din sa *lingga kembar* o kambal na *linga* na gawa sa *batu padas* (bato) at tinawag bilang *sebagai media pemujaan dan lambing kesuburan* o simbolo ng fertilidad. Gayundin ang isang anitong gawa sa luwad na tila putol ang butò, *patung raksasa duduk* o higanteng nakaupo (tingnan Tugano 2023).
11. Tingnan ang naging pag-aaral ni Calderon (1994) tungkol sa kaniyang paglalakbay sa Liverpool Museum. Aniya, marami siyang nakitang artikado na pinaniniwalaang naging bahagi ng pagpapalitan sa pagitan ng Louisiana Purchase Exposition (LPE) at American Museum of Natural History (AMNH) noong 1904 (Calderon 1994, 73). Aniya, 55 na kagamitan mula sa Western Africa at Tibet ang ipinakaloob ng LPE sa AMNH bilang kapalit ng mga busto mula sa Pilipinas at Amerika noong 1905. 58 din ang mula sa Pilipinas kabilang ang mga bagay na ipinuslit mula sa Bontoc, Igorot, Kalinga, Ibaloi, Tagbanua, Mandaya, Tagakaola, Blaan, at Teduray (Calderon 1994, 73–76). Mayroong mga *backpack* ang ipinuslit mula sa mga Igorot noong 1850 na ngayon ay nasa British Museum (Sta. Romana-Cruz 2021). Ang bahaging ito ay sinipi at/o makikita rin mula sa isa kong pag-aaral (Tugano 2022, 123–24).
 12. Nasa pag-iingat ng Louvre Museum sa Paris, France. Matatagpuan sa *Arts of Africa, Asia, Oceania, and the Americas*. Kasama ng *bulul* na ito ang mga antropomorphikong anito na mula sa Nias Island, Indonesia at Toba Batak sa Sumatra, Indonesia. Batay sa inskripsiyon, ang nasabing *bulul* ay gawa sa narra at nasa koleksiyon noon ni William Beyer at dinoneyt nina Anne Kercache at Jacques Kerkache noong 1999. May ilang *typographical error* ang inskripsiyon. Sa halip na Ifugao, ginawa itong “Igugao” at “Ifugago” (tingnan Tugano 2026a, 110–113).
 13. Ang nasabing aklat ay binubuo ng tatlong dula—ang (1) *Pangulo Naming Mahal*; (2) *Psychodelia Apocalypse*; at (3) *Babaeng Tilapia, Natagpuan sa Coastal Road*.
 14. Tumutukoy ang *cadangyan* sa uring may mataas na katayuang panlipunan o sa mga kabilang sa elite na nagmamay-ari ng yaman. Kaugnay nito, ang *ginutto* ay itinuturing na isang mahalagang pamanang pampamilya (*tribal heirloom*), at tanging ang mga kasapi ng uring *cadangyan* o ng maykayang elite ang may karapatang magsuot nito sa mga ritwal ng pamayanan. Samantala, ang *punam-han* ay isang kahong yari sa kahoy na inukit ng kamay na ginagamit bilang sisidlan ng mga alay na pangsakripisyo (Alvear at Longid 2019).

15. May isa pang salaysay si Fr. Marlon Urmaza na nagsabing dekada 1980 nagsimula ang industriya ng paglililok at/o paggawa ng *barrel man* sa Baguio City at Tuba, Benguet. Ang *barrel man* aniya ay hiniling na ipagawa at/o ipalilok ng isang Amerikano na minsang bumisita sa Asin Road (Yma 2021).
16. Umiiral na ang konseptong ito noong ikalawang hati ng dantaon 19 upang tukuyin ang kuwestiyonableng paggasta ng Kongreso sa pondo para sa “ikauunlad” ng distritong nasasakopan o sa mga personal na politikal na interes. Ngunit noong dekada 1700, ang *pork barrel* ay may literal na kahulugan. Prinipreserba ang mga baboy sa isang bariles matapos lagyan ng asin—pag-iimbak ng karne = pag-iimbak ng pondo (The Investopedia Team 2023).
17. Ilan sa halimbawa ay ang hindi nabagong depiksiyon sa “hubad” ng isang babaeng Igorot hanggang 1930 at sa isang hubad na batang lalaki na tiningnan bilang ignorante, marumi, at walang alam tungkol sa Diyos (tingnan Jose 2021, 79, 271). May pagbanggit din si Coe (2014) sa sartoryal na pagbabago sa pananamit ng mga Igorot—ang ilan ay naka-Amerikanong damit at ang iba ay nananatili pa ring tradisyonal (Coe 2014, 79, 340).
18. Sa kataohan ni Eusebius Halsema na naging Alkalde sa Baguio mula 1920 hanggang 1937 na isa ring enhinyero sa Benguet, sinasabing nabago ang posisyon at estruktura ng kabundukan. Dahil sa aniya mabagal na daloy ng transportasyon, nagpatayo si Halsema ng mga kalsada at gusali. Marami sa mga Ibaloi at Nabaloi ang naapektohan (Halsema 1991, 170). Pinag-ugnay ni Halsema ang Baguio at mga karatig-lugar nito. Nagpatayo siya ng mga paaralan, gusali, ang Burnham Park, ang Mountain Trail na kilala bilang “Halsema Highway” na binuksan noong 1930, at marami pang iba. Ang talambuhay ni Halsema ay mababasa sa aklat na isinulat ng kaniyang anak, *E.J. Halsema: Colonial Engineer* (Halsema 1991). Gayunpaman, may bahid-hagiograpiya ito o isang pag-aangat sa pedestal ng paksang tinatalakay ng isang mananalambuhay (tingnan Javar 2016). Sapagkat limitado ang mababasang detalye hinggil sa mga negatibong dulot para sa mga Ibaloi na napalayas at/o nadistihero sa mga katutubong lupain dahil sa nasabing “urbanisasyon.”
19. Ayon sa isang *munpaot* na si Roberto Pahitong (sinipi sa Lazatin 2019), minamana at ipinapamana ang kaalaman ng paglililok sa mga susunod na henerasyon. Kadalasan aniya tumatagal ng dalawang araw ang paggawa sa isang *barrel man*.
20. Isang Amerikanong ideya ang abuhan na noon ay pinag-iisipan pa lamang kung papaano at/o anong materyal ang gagawin upang imbakin ang mga abo mula sa sigarilyo. Sa pagitan ng dekada 1960 hanggang 1980, iminumungkahi nang lagyan ng mga abuhan ang bawat sasakyan, eroplano, sinehan, at iba’t ibang establisyimento

para sa mga Amerikanong naninigarilyo kung saan-saan (Proctor 2012, 136-137).

21. Gayunpaman, natutuhan na rin nilang gamitin ang tabako sa mga ritwal. Halinhinang ginagamit ang nganga at tabako na kanila ring ipinambabayad sa mga nagsasagawa ng pagtutuli sa kabataan (Kohnen at Kohnen 1986, 34, 42, 50). Gayundin ang presensiya ng malawak na plantasyon ng tabako sa kasalukuyang lipunang Igorot (Labrador 1997, 54).
22. Katulad ng mga tela o damit (Jenks 1904, 695); tatu (Salvador-Amores 2011); palayok (Stark 1991; Oreña-Drilon 2019); sandata—*i.e.* palakol (Lasco 2011, 10); bangka (Abrera 2005, 30, 34-35); at sa inukit na kahoy katulad ng mga *bulul* o *tinagtago*.
23. Ang *palad khik* ay nagmula sa India na sumasagisag kay Shiva o sa *Shivalinga*. Ito ay karaniwang ginagawang anting-anting at kuwintas na isinasabit bilang tanda ng pagiging aktibo sa pagtatalik at maging sa pagkalalaki. Bunga ito ng pagsasanib ng Hinduismo at animismo. Tingnan ang kuhang larawan ni Aaron Viernes ng UP Diliman sa National Museum of Bangkok sa Thailand (sinipi sa Bolata 2022). Ani Bolata (2022), ang *palad khik* ay isang halimbawa ng pagsasanib ng Hinduismo at animismo kung saan ginawang agimat ang *linga*. Mapapansin aniya na mayroong maliit na “titing kahoy” ang nakasukbit bilang tali sa baywang ng isang bata. Ito ay ipinapasuot sa kabataang lalaki upang layuan ng mga multo o ‘di kaya, hindi dalhin ang bata sa mundo ng mga multo. May paliwanag sina Iamkhorpung at Kosuta (2022) hinggil sa dalawang klasipikasyon ng mga anting-anting (*amulets*) sa lipunang Thai. Ang una ay *phra khruang* o mga anting-anting na may mukha ni Buddha, mga mahahalagang monghe, at mga mukha ng hari (Rama). Samantala, ang *khruang rang* ay kadalasang animistiko na kung saan kabilang ang mga *takrut* (talisman) at mga *phallic symbol*. Ngunit para kay Harris (2000), ang *palad khik* ay ginamit din bilang anting-anting ng ilang monghe, na sinasamahan ng mga mahika. Gayunpaman, ang *palad khik* ay isang representasyon ng *lingam* at/o *linga* na kumakatawan kay Shiva para sa fertilidad na bagaman karamihan sa mga *khruang rang* ay nasa anyong-tao, hindi lahat ay kumakatawan sa mga espirituwal na anyo at mga banal na tao sa Buddhismo—*i.e.* *kuman thong* na isang *fetus* o sanggol na sumasagisag sa espiritong may kapangyarihan (Iamkhorpung at Kosuta 2022). Sa lansangan at museo ng Bangkok, nakakita ako ng ilang simbolismo para sa butò. Partikular sa Maharat Road, kung saan lantarang ibinebenta ang mga anting-anting, makikita ang itinataya kong halimbawa ng *kuman thong* o isang estatuwa ng mga batang at/o mukhang batang may maliit na butò. Sa aking pagpunta sa Museum Siam sa Phra Borom Maha Ratchawang, doon ay makikita ang mga butò na gawa sa

kahoy at may isang tila babaeng may suso ang nagkikilik dito. Gayundin ang kombinasyon ng *linga* at *yon*i na anila ay simbolo ng fertilidad. Ayon sa naratibo ng museo, karamihan sa mga Thai ay mananampalatayang Buddhismo ngunit nasa anyo ito ng amalgamasyon ng animismo, Brahmanismo, at Buddhismo. Kaya nga sa isang estante roon ay makakakita rin ng pagsasama ng mga estatuwa ni Buddha (Buddhismo) at mga Diyos ng Brahmanismo-Hinduismo (Museum Siam w.tn.) (tingnan Tugano 2023).

24. Tingnan din kay Sacla (1987) ang tatlo pang ritwal—*bais*, *salibobo*, at *pandemen* (Sacla 1987, 162–63).

References

- Abrera, Maria Bernadette. 2005. "Bangka, Kaluluwa at Katutubong Paniniwala." *Philippine Social Sciences Review* 57 (1-4): 29-53. <https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/psr/article/view/1958>
- Acabado, Stephen. 2013. "Defining Ifugao Social Organization: House, Field, and Self-Organizing Principles in the Northern Philippines." *Asian Perspectives* 52 (2): 161–189. <https://core.ac.uk/download/pdf/32302733.pdf>
- Adonis, Digna Lipa-od. 2011. "The Community Development Concepts of the Igorot Indigenous Peoples in Benguet, Philippines." PhD diss., Australian Catholic University.
- Alvear, Mikaela Alexandria and Elijah Vladimir Longid. 2019. *Made in Baguio: An Examination of the Wood Carving Industry of the Cordilleras*. Unpublished manuscript. Scribd, <https://www.scribd.com/document/740210961/Wood-Carving-in-Baguio>
- Ambrosio, Dante. 2010. *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihansang Pilipino*. University of the Philippines Press.
- Amtalao, John and Feorillo Petronilo Demeterio III. 2019. "Bogwa: Kultural na Paghuhukay sa Oral na Tradisyong Ifugao." *Malay Journal* 31 (2): 84–102. <https://doi.org/10.59588/2243-7851.1113>
- Anarka Akaza. 2018. PHILIPPINE BARREL WOMAN. Youtube, 1 November. <https://www.youtube.com/watch?v=oDGbEVu3nTM>
- Arcilla, Jose S. 1971. "The Christianization of Davao Oriental: Excerpts from Jesuit Missionary Letters." *Philippine Studies* 19 (4): 639-724. <https://www.jstor.org/stable/42632131>.
- Arti Arti. 2011. CITY OF P(I)N(E)S. *Arti Arti*, 10 October. <https://artiarti.tumblr.com/post/11264793909/city-of-pines>
- Atlas Obscura. 2020. Lumiang Cave, Sagada, Philippines: This burial cave houses around 100 ancient coffins, neatly stacked to form a massive wall. *Atlas Obscura*, 22 September. <https://www.atlasobscura.com/places/lumiang-cave>

- Bacwaden, Joy Christine. 1997a. "The Lumawig Bontoc Myths." *Philippines Studies* 45 (1): 3–49. <https://doi.org/10.13185/2244-1638.4442>
- Bacwaden, Joy Christine. 1997b. "Lumawig: The Culture Hero of the Bontoc-Igorot." *Philippines Studies* 45 (3): 329–352. <https://doi.org/10.13185/2244-1638.4546>
- Bagnol, Brigitte and Esmeralda Mariano. 2008. "Vaginal Practices: Eroticism and Implications for Women's Health and Condom Use in Mozambique." *Culture, Health & Sexuality* 10 (6): 573–585. <https://doi.org/10.1080/13691050801999071>
- Balce, Nerissa. 2017. *Body Parts of Empire: Visual Abjection, Filipino Images, and the American Archive*. Ateneo de Manila University Press.
- Ballard, Lee, comp. 1966. *Inibaloi 1966 Wordlist*. Summer Institute of Linguistics Language and Culture Archives. <https://www.sil.org/resources/archives/76986>
- Ballucan, Tessie Bua-ay. 2016. *Pidlisan Language-English Dictionary: A Handy Guidebook*. Tebtebba Foundation.
- Barton, Roy Franklin. 1974. "A Collection of Igorot Legends. Sagada Social Studies No.6 (December 1955)." *Philippine Sociological Review* 22 (1): 91–116.
- Batangan, Dennis, Raoul Cola, Felipe Comila, Evelyn Dunuan, Maximo Garming, at Erwin Vargas, mga awt. at Yasmin Arquiza, ed. 2007. *The Road to Empowerment: Strengthening the Indigenous Peoples Rights Act—Volume II: Nurturing the Earth, Nurturing Life*. International Labour Organization (ILO), United Nations Development Programme (UNDP), National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) at New Zealand Agency for International Development (NZAID).
- Bautista, Julius. 2010. *Figuring Catholicism: An Ethnohistory of the Santo Niño de Cebu*. Ateneo de Manila University Press.
- Bean, Robert Bennett. 1910. *The Racial Anatomy of the Philippine Islanders*. J.B. Lippincott Company.
- Beattie, Elizabeth. 2026. "At Kawasaki's 'penis festival,' phalluses are vessels of compassion." *The Japan Times*, 23 May. <https://www.japantimes.co.jp/life/2026/05/23/travel/penis-festival-kanamara-matsuri-kawasaki-shrine-history/>.
- Beidelman, T.O. 1968. "Some Nuer Notions of Nakedness, Nudity, and Sexuality." *Africa* 38 (2): 113–131. <https://doi.org/10.2307/1157242>
- Berndt, Ronald. 1954. "Contemporary Significance of Pre-Historic Stone Objects in the Eastern Central Highlands of New Guinea." *Anthropos* 49 (1): 553–587. <https://www.jstor.org/stable/40450914>
- Bolata, Emmanuel Jayson. 2022. Sa Pagitan ng Loob at Labas, Hubad. Unpublished manuscript. Research Gate, <https://www.researchgate.net/publication/363310749>

- Bourdieu, Pierre. 1986. "The Forms of Capital." In *Handbook of Theory and Research for the Sociology of Education*, edited by John Richardson. Greenwood Press.
- Bouwma-Gearhart, Jana and James Bess. 2012. "The Transformative Potential of Blogs for Research in Higher Education." *The Journal of Higher Education* 83 (2): 249-275. <https://www.jstor.org/stable/pdf/41478288.pdf>
- Brinkgreve, Francine. 1997. "Offerings to Durga and Pretiwi in Bali." *Folklore Studies* 56 (2): 227-251. <https://doi.org/10.2307/1178726>
- Buenafe, Angela. 2012. "Reclaiming the Sacred within the Legal Pluralism Phenomenon: Indigenous Peoples' Rights Over Cultural Property." Master's thesis, University of Nebraska.
- Bulosan, Carlos. 1946. *Nasa Puso ang Amerika*. Translated by Jovianne Figueroa. Anvil Publishing, Inc., 2022.
- Calano, Mark Joseph. 2012. "Archiving Bodies: Kalinga batek and the Im/possibility of an Archive." *Thesis Eleven* 112 (1): 98-112. <https://doi.org/10.1177/0725513612450502>
- Calderon, Mary Jane. 1994. "The Louisiana Purchase Exposition of 1904 and Some Philippine Artefacts at Liverpool Museum." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 22 (2): 73-79. <https://www.jstor.org/stable/29792148>
- Calugay, John, Ma. Luisa Rillo, and Remedios Mondiguing. 1981-1982. "The Woodcarving Industry [in] Banaue, Ifugao, 1900-1979." Thesis, University of the Philippines Baguio.
- Camhol, Armand Nicod-am. 2025. "Beyond the Mythical God Label: Healing and Multifunctionality in the Bulul." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 73 (2) <https://doi.org/10.13185/2244-1638.5104>.
- Campos, Patrick. 2015. "Kidlat Tahimik and the Determination of a Native Filmmaker." *Kritika Kultura* 25 (1): 46-81. <https://doi.org/10.13185/1656-152x.1643>
- Cañete, Reuben. 2005. "Bench Underwear Ads and the Male Body." *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* 2 (2): 69-92. <https://doi.org/10.52518/2005.2.2-04rcnt>
- Cañete, Reuben. 2010. "From the Sacred to the Profane: The Oblation Ritualized." *Humanities Diliman* 6 (1-2): 1-20. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/1537>
- Cañete, Reuben. 2011. "The Macho Machine: Male Sexual Commodification in Philippine Realist Film." *Positions: East Asia Cultures Critique* 19(2):347-364. <https://doi.org/10.1215/10679847-13317>
- Cañete, Reuben. 2012. *Sacrificial Bodies: The Oblation and the Political Aesthetics of Masculine Representations in Philippine Visual Cultures*. University of the Philippines Press.

- Cañete, Reuben. 2014a. *Masculinity, Media, and their Publics in the Philippines: Selected Essays*. University of the Philippines Press.
- Cañete, Reuben. 2014b. "Ang Pagbenta sa Imahen ng Kalalakihan sa mga Piling Tindahang Pandamit sa Pilipinas." In *Communication and Media Theories*, edited by Rolando Tolentino, Patrick Campos, Randy Jay Solis, and Choy Pangilinan. University of the Philippines Press.
- Cañete, Reuben. 2015. "Ang Mabentang Lalaki: Komersiyal na Pagkalalaki at Espasyong Pambenta sa Kalunsuran ng Pilipinas." In *Kritikal na Espasyo ng Kulturang Popular*, edited by Gary Devilles and Rolando Tolentino. Ateneo de Manila University Press.
- Castro, Bea Alyssa de and Miel Ysabel Sanculi. 2017. "Female Body in Cordillera Music Videos." *Asian Journal of Media and Communication* 1 (1): 73-82. <https://journal.uui.ac.id/AJMC/article/view/7617/6641>
- Clapp, Walter Clayton. 1906. *A Vocabulary of Igorot Language as Spoken by Bontok Igorots: Igorot-English and English-Igorot*. Bureau of Printing.
- Clark, Jordan. 2016. "SANTONILYO and the Syncretization of Santo Niño." *The Aswang Project*, 10 September. <https://www.aswangproject.com/santonilyo/>
- Clark, Jordan. 2018. "Culture & tradition: Phalluses and Phallic Symbols of the Philippines." *The Aswang Project*, 5 December. <https://www.aswangproject.com/culture-tradition-phalluses-and-phallic-symbols-of-the-philippines/>
- Clark, Jordan. 2021. "Religion of the Mandaya: Myths, Spirits, & Idols." *The Aswang Project*, 12 August 12. <https://www.aswangproject.com/religion-of-the-mandaya-myths-spirits-idols/>
- Cole, Fay-Cooper. 1913. "The Wild Tribes of Davao District, Mindanao." *Publications of the Field Museum of Natural History. Anthropological Series* 12 (2): 1-203. <https://www.jstor.org/stable/29782138>.
- Conde, Mavic. 2013. "Spelunking in Sumaguig Cave." *Rappler*, 16 May. <https://www.rappler.com/life-and-style/29127-spelunking-sumaguig-cave/>
- Conklin, Harold C. 1980. *Ethnographic Atlas of Ifugao: A Study of Environment, Culture, and Society in Northern Luzon*. Yale University Press.
- Constantino, Ernesto, comp. 1971. *Ilokano Dictionary*. The University Press of Hawai'i.
- Contreras, Antonio. 2014. "Sexualized Bodies of the Filipino: Pleasure and Desire as Everyday Truth and Knowledge." *Philosophia* 15 (1): 105-120. <https://ejournals.ph/article.php?id=4871>
- Coo, Stephanie Marie. 2014. "Clothing and the Colonial Culture of Appearances in Nineteenth Century Spanish Philippines (1820-1896)." PhD diss., Universite Nice Sophia Antipolis.

- Coo, Stephanie Marie. 2019. *Clothing the Colony: Nineteenth-Century Philippine Sartorial Culture, 1820-1896*. Ateneo de Manila University Press.
- Cordillera Schools Group, Inc. 2003. *Ethnography of the Major Ethnolinguistic Groups in the Cordillera*. New Day Publishers.
- Covar, Prospero. 1993. "Kaalangang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* Special Issue: 79-90, 2015. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4950>
- Cruz-Lucero, Rosario. 2003. "Ang Pitoy ni Hudan-Boso sa Isang Ritwal Bilang Diskurso." *The Journal of History* 49 (1-4): 310-325. <https://ejournals.ph/article.php?id=5243>
- Cruz-Lucero, Rosario. 2006. "Judas and his Phallus: The Carnavalesque Narratives of Holy Week in Catholic Philippines." *History and Anthropology* 17 (1): 39-56. <https://doi.org/10.1080/02757200500395568>
- Dayaoen, Aya May. 2024. "Alab Petroglyphs." Atlas Obscura, 4 June. <https://www.atlasobscura.com/places/alab-petroglyphs-philippines>
- De Raedt, Jules. 1969. "Myth and Ritual: A Relational Study of Buwaya Mythology, Ritual and Cosmology." PhD diss., University of Chicago.
- Desautels, Nancy, Henry Koerper, and Jeffrey Couch. 2005. "A Birdstone and Phallic Pestle Cache from CA-ORA-365." *Journal of California and Great Basin Anthropology* 25 (1): 109-118. <https://escholarship.org/uc/item/9bp329fx>
- Devlin, Margaret. 2021. "Ethnography, Folklore, Afanasev, and Russian Self-Identity." *Inquiries Journal* 13 (4). <http://www.inquiriesjournal.com/a?id=1896>
- Didy. 2009. "Baguio: Why the Penis?" *Live Dangerous*, 2 May. <https://livedangerous.wordpress.com/2009/05/02/baguio-why-the-penis/>
- Dorotheum. 2017. Philippines, north island of Luzon, tribe: Ifugao: an old, male sculpture of the rice god 'Bulul'. Style: Lagawe region. *Dorotheum*. <https://www.dorotheum.com/en/1/1106041/>
- Elias, Norbert. 1978. *The Civilizing Process, Vol. 1: The History of Manners*. Basil Blackwell.
- Elias, Norbert. 1982. *The Civilizing Process, Vol. 2: State Formation and Civilization*. Basil Blackwell.
- Elms, Alan. 2001. "Apocryphal Freud: Sigmund Freud's Most Famous "Quotations" and their Actual Sources." *The Annual of Psychoanalysis* 29 (1): 83-104. <https://pep-web.org/browse/document/aop.029.0083a?page=P0083>
- Elumbre, Adonis. 2010. "Imperyalismo at Machismo: Ang Biswalisasyon at Panlipunang Konstruksyon ng Pagkalalake sa

- Diwa ng Etikang Kolonyal ng mga Amerikano." In *Paghigugma-
anan: Romansa at Pagniniig sa Kasaysayang Pilipino*, edited by Nilo
Ocampo. Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa
Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc. at National Commission
for Culture and the Arts.
- Escalante, Rene. 2007. *The Bearer of Pax Americana: The Philippine Career
of William H. Taft, 1900-1903*. New Day Publishers.
- Fagsao, Jonnelle. 2019. "Mapping Language Sexism and Gender
Biases in Lumawig's Mythical Variants." *International Journal
of Humanities and Social Sciences* 11 (1): 10-23. [https://doi.
org/10.26803/ijhss.11.1.2](https://doi.org/10.26803/ijhss.11.1.2)
